Magasin ng BAGONG Buhay

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY
JUN 21 1957

HUNYO 23, 1957



SA TUBUHAN...
Pahina 28



Sa pagdalaw sa mga nayon noong kandidato pa, at maging nang mahalal nang Pangulo, si RM ay malugod na nakidaupang-palad sa mga mamamayan. Makikitang masayang nakikipagkamay si RM sa isang lalaking may kilik na bata, samantalang naghihintay ng pagkakataon ang iba pang nakahanay sa daan.



Isa sa mga gawing ikinatanyag ni RM, maging noong kandidato pa sa pagka-Pangulo, ay ang pakikihalubilo sa mga dukha. Nang dumalaw sa Tilapayong, Baliwag, Bulakan noong Mayo, 1953, kumain siyang kasalo ng mga magbubukid sa lilim ng puno ng sampalok. Nasa kaliwa niya si Gobernador Alejo Santos ng Bulakan.

*Sa mga bakas ni Magsaysay*

# KAMPEON NG MAHIHIRAP

*ni CARLOS C. MARCELO*



Ganito ang anyo ng yumaong Pangulong Ramon Magsaysay kapag binibigyang-diin ang pagpapaliwanag sa ano mang bagay.



Inaabot ni RM kay Sofio C. Matias, pangulo ng Association of Rogers Act Beneficiaries, Inc., ang isang kapasiyahan ng pasasalamat at isang katibayan ng pagiging kaanib sa nabanggit na samahan. Kuha ang larawan sa halamanan ng pagamutang Quezon Institute noong 1953.



Isang linggong naging panauhin ng yumaong Pangulong Ramon Magsaysay si Heneral Leland S. Hobbs, naging puno ng "Joint United States Military Advisory Group" (JUSMAG), nang dumalaw sa Maynila noong Enero, 1955. Makikitang kausap ni RM si Hobbs sa bulwagan ng Malakanyang.

NANG mahalal na puno ng bansa ang yumaong Pangulong Magsaysay ay nagsimula ang isang bagong panahon sa lahing Pilipino — nataas ang kalagayan ng karaniwang mamamayang malaong napabayaan ng pamahalaan sa mababang antas ng lipunan.

Gaya ng kanyang pangako noong kandidato pa, binuksan niya sa madla ang mga pinto ng Malakanyang. Libu-libong mamamayan ang hugos na naglabas-masok doon... bumati sa "Kampeon ng Mahihirap" na malugod namang tumanggap sa lahat.

Itinuturing na pinakamalaking pulutong ng mga tao ang nagtungo sa Malakanyang noong unang araw ng Enero, 1954 buhat noong pasinayaan ang Commonwealth. Napuno ng mga sasakyan ang kahabaan ng daang Aviles at nagsikip ang maluwang na bakuran ng Malakanyang sa dami ng *panauhin* na karamiha'y nangakabakyang matatandang babae.

Malayang nakapasok sa "Palasyo ng Bayan" ang mga *panauhin* na isa-isang sinalubong at kinamayan ni RM, ng naging Unang Ginang Luz Banzon Magsaysay, at ng noon ay Pangalawang Pangulo at Gng. Carlos P Garcia. Halos buong maghapong magiliw na nakipagbatian sina RM sa mga dukhang iyon na pinakitunguhan nilang tulad ng matatalik na kaibigan.

Kahanga-hanga ang ipinamalas na kapakumbabaan ni RM. Ang iba sa mga *panauhin* na nakilala niya sa pagdalaw sa bahay-bahay ay magiliw na tinapik sa balikat, o tinawag sa palayaw, o kinumusta ang buhay-buhay.

Nakapaglibot sa lahat ng silid ng palasyo ang mga *panauhin*. Nakapaglakad nang nakatapak sa makapal na alpombra... nakapagmasid sa mamahaling mga kasangkapan doon, na naging palasak sa paksa ng tuligsa sa yumaong Pangulong Elpidio Quirino, at nakaupo sa malalaking supa habang nagpapahingalay.

"Parang panaginip sa akin ang karanasang ito," anang isang babae.

Kaipala'y lalong nasiyahan ang isa pang maralitang babaing bumati kay RM nang kilik ang may dalawang taong gulang na anak. Nagagalak na kinamayan ni RM ang walang malay na bata, bago binalingan ang ina niyon: "Tuloy... tuloy kayo..."

Maging nang malamang ikinalat ng ilang *panauhin* ang mga kasulatan sa tanggapan ng Sangay sa Pangkalahatang mga Suliranin sa ikalawang palapag ng gusaling pampangasiwaan ay hindi nagalit si RM. Batid niyang nananabik lamang ang madla na makatuklas ng "katotohanan", pagka't matagal na napagkaitan ng pagkakataong makakita sa loob ng "Palasyo ng Bayan."

Bagaman abalang-abala'y inalagata ni RM ang kapakanan ng mga *panauhin*. Buhat sa sariling gugulin ay hinandugan niya ng pampalamig ang may 50,000 kataong nagtungo sa Malakanyang. At alinsunod sa ulat ng tanggapan sa pagbabalita ng Malakanyang, mahigit na 19,000 bote ng pampalamig ang naidulot sa madla.

Upang mabigyan ng pagkakataon ang lahat ng mamamayan, nagtakda si RM ng tanging araw na lingguhang pagbubukas ng Malakanyang sa madla. Nguni't noong Marso, 1954 ay naghigpit ang ilang pinuno roon — hindi pinahintulutang makapanhik sa itaas ang mga *panauhin*.

Galit na tinawag ni RM ang kinauukulang mga pinuno at pinangaralan. Ipinaliwanag niyang "karamihan sa mga taong ito'y galing pa sa lalawigan na nagsadya rito upang makita lamang ang Malakanyang kahit minsan sa tanang buhay nila."

Subali't hindi nasiyahan si RM sa paghihintay lamang sa "Palasyo ng Bayan". Batid niyang napakaraming nais makakita sa kanya, nguni't walang pagkakataon o walang kakayahan. Kaya siya na

(*Sundan sa pah. 20*)

# Mga Sulat Sa Editor



May sinusulat po akong isang artikulo at isang kuwento. Nguni't hindi ko malaman kung alin ang dapat kong unahing tapusin upang maipadala sa inyo. Sa ngayo'y napapansin kong iilan-ilan na lamang ang inyong pinalalabas na kuwento, karamiha'y artikulo at iba pang lathalain. Alin nga po ba sa dalawa ang higit ninyong pahahalagahan at mamabutihing ilathala sakaling ipadala ko sa inyong pasulatan? —*Danilo Diza, Pritil, Tundo, Maynila.*

**Lalong mainam ho kung ang artikulo ang ipadadala ninyo sa amin. Sa ngayon ho ay higit naming kailangan ang mga artikulo at natatanging lathalain. —ED.**

---

Ako po ay may dalawampu't dalawang taong gulang. Ibig ko pong magpadala ng kuwento sa inyong pitak na pangkabataan. Nguni't nangangamba po akong baka hindi ninyo tanggapin sapagka't baka aniko hindi na ako kabilang sa mga kabataang sakop ng naturang pitak. —*Ramon Santos, Jr., Binundok, Maynila.*

**Sa ganang amin, Junior, ay kabilang ka pa sa kabataan. Ipadala mo sa amin ang iyong akda. —ED.**

---

May napapansin po akong isang bagay na hindi ko maipagwalang-bahahala. At sa inyo minarapat kong humingi ng kurukuro tungkol sa bagay na ito.

Tuwing umagang papasok ako sa aming eskuwelahan ay nagdaraan ako sa Abenida Rizal. Araw-araw po ay napapansin ko ang isang bagay: ang mga tao ay halos unahan pa sa pagbili ng mga pahayagang ingles. Sa bawa't sampu ay palad nang magimg dalawa, o isa, ang bumibili ng diyaryong tagalog gayong kung tingnan ko ay mga Pilipino naman ang nagsisibiling iyon. Bakit po kaya gayon? Ano ang masasabi ninyo tungkol dito? —*Helen Beltran, Oroquieta, Sta. Cruz, Maynila.*

**May mababanggit na ilang dahilan. Nguni't ang prinsipal, na siya na lamang tutukuyin namin, ay NASYONALISMO. Kulang sa nasyonalismo tayong mga Pilipino! Iyan ang pangunang kasagutan sa katanungan mo, Helen. —ED.**

---

Maganda ang nilalaman ng inyong magasin. Kawili-wiling basahin ang mga pitak, laluna ang tungkol sa mga salamangka o madyik at ang mga modang may kalakip na mga dibuho. Nguni't lalo sanang mainam kung ang mga komiks ninyong ingles (Mandrake at Walt Disney) ay papalitan ninyo ng mga komiks na tagalog. Ang mga komiks na ingles ay bagay lamang sa mga pahayagang ingles, at hindi sa pahayagang tagalog. Isa pa'y higit na nakaaaliw sa mga mambabasang tagalog ang mga komiks na tagalog. Ano sa palagay ninyo? —*Beatriz de Asis, Imus, Kabite.*

**Pag-aaralan ho namin... — ED.**

---

Bilang isang Editor, masasagot marahil ninyo ang itatanong kong ito na malaon ko nang ibig malaman. At huwag naman sana kayong magagalit, ho? Ang lagay e nakapagtatanong nga lamang. Naniniwala akong "malawak ang inyong kaalaman" sa mga bagay-bagay, kaya minarapat kong sa inyo magtanong.

Ilan po bang lahat ang bilang ng mga bituin sa langit? —*Romeo de Amor, Luneta, Maynila.*

**Nakatutuwa ka, Romy. Sagisag pa ang ginamit mong pangalan! At diyata't sa Luneta ka nakatira? Talagang palabiro ka. Pero hindi kami magagalit. At sasagutin din namin ang tanong mo, ayon sa aming nalalaman, para hindi ino naman kami "maisahan".**

**Ang bilang ng mga bituin sa langit ay kasindaming-kasindami ng mga damo sa buong Luneta. Kaya, bilangin mo, hane? —ED.**

---


Pinakamasiglang sandali sa maghapon



Hayaang idulot sa inyo ng Coca-Cola ang pinakamasiglang sandali

Upang masiyahan pagkatapos ng isang matagumpay na gawain—wala nang kasiya-siya at nagpapasigla kaysa kumikinang na Coca-Cola. Ang kalugud-lugod at masarap na lasa nito ay walang katulad — ang nagpapalusog na katangian at kadalisayan nito ay bantog sa buong daigdig. Maglaan ng marami nito. Kinagigiliwan ng lahat ang Coca-Cola!

DRINK Coca-Cola
30th ANNIVERSARY IN THE PHILIPPINES 1927-1957

MAY PAHINTULOT MAGSABOTELYA: SAN MIGUEL BREWERY

# Sunduan SA SAN DIONISIO PARAÑAQUE, RIZAL



*Ang makikita sa larawan ay bahagi lamang ng mahabang hanay ng mga pare-parehang binata't dalaga na kasama sa* sunduan. *Lalong tumingkad ang naggagandahang kulay sapagka't kung ano ang kulay ng kanilang kasuotan ay siya ring kulay ng kanilang mga payong.*



*Ang magandang dalagang ito na pinapayungan ng kanyang* chaperon *ay walang iba kundi si Flor Ferrer. Mababakas sa kanilang mga mukha ang kasiyahang loob...*

### SA SAN DIONISIO, WALANG BINATANG TUMUTUTOL SA PAGKAKAROON NG "CHAPERON" NG MGA DALAGA SAPAGKA'T SILA ANG "CHAPERON"

Maaaring marami sa mga kabataan ng San Dionisio ang hindi sumasang-ayon sa matandang kaugalian na magkaroon ng *chaperon* ang mga dalaga, subali't hindi nila maiwasan ang pagsunod sa hinihingi ng pagkakataon. Tuwing ikalawang taon, sa pagsapit ng kapistahan ng kanilang patrono, masasaksihan ang pambihirang kaugaliang ito sa San Dionisio. Pare-pareha ang binata't dalagang kasama sa prusisyon. Noong una, ang kapatid o pinsan ng dalaga ang *chaperon* niya, subali't ngayon ay maaari nang kaibigan o kasintahan ang maging katambal nila.

Nagsisimula ang *sunduan* sa umaga. Ang dalaga ay naghihintay sa kanilang tahanan sa pagdating ng kaparehang kasama ang ilang nasundo nang d a l a g a at ang musiko. Patuloy sila sa pagsundo ng iba pang kasamahan hanggang ang lahat ay matipon. Sa tahanan ng hermano mayor sila bumababang sabay-sabay patungo sa bisita ng baryo. Ang sunduan ay nagtatapos sa isang sayawan.

Ang kakaibang kaugaliang ito ay ginagawa na ng mga naninirahan sa pook na iyon noong panahon pa ng mga kastila, nang ang mga dalaga ay hindi pinahihintulutan ng matatanda na dumalo sa ano mang kasayahan kapag walang kasamang kasambahay o *chaperon*. Upang hindi naman lubhang tumaliwas sa matagal nang kaugaliang ito, ang isang nahirang na hermano mayor ay umisip ng paraan at ito ang naging simula ng pagkakaroon ng tinatawag na *sunduan*...

BOSCH Supertone Horn
calls attention — reduces danger
PETER TRADING CO., LTD.
Authorized Sales & Service Agents For ROBERT BOSCH GMBH GERMANY
743 ANDA, INTRAMUROS • MANILA • TEL. 3-61-87
BOSCH SERVICE

Mga larawang kuha

ni BEN T. SANTOS



*Napagod ang magkaparehang sina Conrado Caldejon at Rosalinda Ongaco kaya minabuti nila kapwa ang mamahinga sandali. Ano kaya ang sinasabi ng binata sa dalaga?*

*Malungkot na hinihintay ni Marlita Macabuag (3½ taong gulang) ang kanyang chaperon.*





*Mapapansin ang ilang pareha ng mga batang nakiisa sa idinaos na sunduan.*



*Ang magakaparehang sina Pascual Ponce, Jr. at Leonora de la Isla ay isa sa mga pareha ng mga batang kabilang sa sunduang ginanap.*

# BALITANG PANDAIGDIG AYON SA KAMERA



MAGBINYAG HINDI BIRO — Ito marahil ang naibulong ni Rev. John Heinbuch, kaliwa, nang binyagan niya nang sabay-sabay ang siyam na anak ng pamilyang Geza Walters ng Milwaukee, Wis. Ang gulang ng mga bata ay buhat sa 8 buwan hanggang 15 taon.



SINO AKO? — Apat na mumunting loro ang nagpapahinga sa kamay, ulo at mga balikat ni Carter Rennison sa Mother Goose Farm sa Meriden, Conn. Bawa't isa sa mga "lorito" ay may pangalan— Eenie, Meenie, Minie at Moe — nguni't isa man sa kanila'y hindi nakakikilala sa sarili.



BE-BOP-A-LULA — At sabay-sabay na binuhat ng mga manggagawa sa Kanlurang Berlin ang isa sa mga pasong semento na iaayos sa Kurfustendamm, sektor ng Britanya.

MAGASIN NG BAGONG Buhay

Lumalabas tuwing Linggo ng umaga na kalakip ng pahayagang BAGONG BUHAY

Tanggapan: Manila Times Bldg., Florentino Torres, Sta. Cruz, Maynila

Pansamantalang limbagan: PSP Press, Sampaloc Avenue, Lunsod Quezon

Namamatnugot: EDDIE RANOLA

GREGORIO R. FLORENCIO — Kagawad

PETE VENEZUELA — Sa sining

# MGA PAGKAIN NATIN



## EMPANADA (ni Glo Morales)

**ANG BALAT NG EMPANADA**

**Mga sangkap...**

2 pula ng itlog ng manok (binati)
¾ na tasang tubig
⅓ tasang asukal
4 na tasang arina (sinala).
1 tasang mantika
kaunting asin

**Paraan ng paghahanda...**

Paghalu-haluin ang arina, asukal, itlog, tubig at asin.
Masahing mabuti nang mga walong minuto. Pinuhing mabuti.
Ilatag sa isang mesang binudburan ng arina.
Pagulungan ng **rolling pin** hanggang sa numipis nang ½ pulgada.
Hiwa-hiwain ang masa ayon sa nais na laki.



**PANLAMAN SA EMPANADA**

**Mga sangkap...**

1 tasang giniling na baboy
3 kutsarang hamon (hiniwa nang pinung-pino)
3 kutsarang mantika
1 malaking sibuyas (ginayat)
1 tasang hinimay na laman ng manok
1 kahong pasas
1 nilagang itlog (hiniwa)
2 butil na bawang (pinitpit)
1 malaking kamatis (ginayat nang maliliit)

**Paraan ng pagluluto...**

Ilaga ang baboy, manok at hamon sa kaunting tubig.
Igisa sa mantika ang bawang, sibuyas at kamatis.
Isama ang giniling na baboy, hinimay na manok at ang hamong hiniwa nang pino. Takpan at hintaying maluto.
Ihalo ang pasas at bago hanguin ay isama ang nilagang itlog na hiniwa nang maliliit.
Palamigin.

**ANG PAGBABALOT**

**Lagyan ng tig-isa't kalahating kutsaritang palaman ang bawa't atadong masa.**
**Itiklop nang pa-trayanggulo ang mga masa. Basain ang paligid upang magdikit na mabuti ang magkabilang panig.**
**Diitan ng tinidor ang mga gilid nang magkaroon ng gitligitli tulad ng makikita sa larawan.**
**Mag-init ng mantika sa kawali at ipirito ang empanada.**

## "SOUTH SEA SALAD" (ni Glo Morales)

**Mga sangkap...**

2 **sunkist**
1 kutsarang asukal
paminta
½ niyog (kinayod)
¾ na tasang katas ng kalamansi
asin

**Paraan ng paghahanda...**

Talupan ang **sunkist** at putul-putulin nang gaya ng nasa larawan.
Timplahan ng asukal, paminta at asin ang katas ng kalamansi.
Kayurin ang niyog
Ihanda ang isang platong hugis dahon na nahahati sa tatlong panig at pagkaraa'y putul-putulin ang ilang dahong luntian (maaaring letsugas o repolyo) at ihanay sa isang bahagi. Ipatong ang **sunkist** na tinuhog ng "toothpick".
Isalin ang tinimplang sawsawan sa katabi ng **sunkist** at ang niyog ay ilagay sa isang panig.

Ito'y isang uri ng salad na mabuting gawing pampagana sa pagkain.
Nababagay ding ihain sa mga handaan.




## *Mga Unang Buwan Ng Sanggol*

**Ang sanggol sa isang buwang gulang**

Ang lingguhang ibinibigat ng sanggol sa loob ng unang limang buwan ay mga 4 hanggang 6 na onsa; kaya't sa unang buwan nito, ang dapat niyang maging timbang ay sa pagitan ng 8½ hanggang 9 na libra. Ang itataas niya ay mga isang pulgada at ang ulo ay kalahating pulgada ang naidaragdag na laki.

Mapapansin ninyo na sa ganitong gulang ng sanggol, siya ay marunong nang masilaw. Kung minsan, tila siya naduduling dahil sa hindi pa kalamang iayon ng wasto ang mga sangkap ng paningin. Siya'y marunong nang sumigaw at gumawa ng mga di-pangkaraniwang pag-ungay, may taglay nang panlasa, at nagpapakita na rin ng karunungang ngumiti.

Sa unang buwan ang sanggol ay dapat kumain tuwing ikatlong oras at mga 10 hanggang 15 minuto ang itinatagal sa bawa't suso ng ina. Sa pagitan ng pagsuso, siya ay mahimbing na natutulog. May mga 20 oras ang itinutulog ng sanggol sa maghapon, at nagigising lamang kung basa, nagugutom, o hindi matiwasay ang kalagayan. Dumudumi siya ng mga apat na beses sa maghapon, at mga 15 hanggang 20 beses kung umihi.

Kung siya'y pinasususo sa bote, mga 4 hanggang 4½ onsa ng pormula ang kanyang nauubos. Sa gulang na mula sa 2 hanggang 3 linggo, maaari na siyang bigyan ng ilang uri ng bitamina. Sa unang buwan, handa na siyang tumanggap ng katas ng dalandan o kalamansi. Bigyan muna ng ilang patak ng kalamansi o kalahating kutsarita ng dalandan sa 2 o 3 onsa ng tubig, at timplahan ng kaunting asukal upang magkalasa. Ito ay madaragdagan hanggang sa mainom na ang katas ng buong dalandan sa gulang na dalawang buwan.

Ang sumusunod ay magagawang panuntunan sa pagpapakain ng isang buwang gulang na sanggol:

Sa umaga:

Pagpapasuso sa ika-3-6-9-12

Bitamina at katas sa ika-10

Sa hapon:

Pagpapasuso sa ika-3-6-9-12

Kung siya ay gising, maaaring bigyan ng 2 o 3 onsa ng pinakuluang tubig sa pagitan ng pagpapasuso. Sa ganitong gulang, maaari na ring ihantad sa araw nang mga limang minuto hanggang kalahating oras ang sanggol lalo na't maganda ang panahon. Kung siya ay nabigyan na ng bakunang BCG nang ipanganak, mabibigyan na rin ng pagsubok na "tuberculin" sa loob ng ika-6 at 8 buwan upang malaman kung naging mabisa ang nasabing bakuna.

**Sa ika-3 buwan**

Kung malusog ang sanggol sa gulang na ito, dapat na siyang tumimbang ng mga 11 hanggang 13 libra. Maaari ring humigit pa rito kung kayo ay maalaga sa kanyang pagkain. Noong araw, kailangang maging anim na buwan na ang sanggol upang madoble ang kanyang timbang nang ipanganak, nguni't ngayon, ito ay maaaring mangyari sa ikatlong buwan pa lamang.

Ang itinataas niya ay mga 3 pulgada at ang bilog ng ulo ay nadaragdagan ng 1½ pulgada. Nagsasara na rin o tumitigas na ang kanyang bumbunan (posterior fontanille) sa unang 2 buwan pa lamang. Kung siya ay itataob, marunong nang magtaas ng ulo at tumingin sa mga bagay sa kanyang paligid.

Maiaayon na niya ang kilos ng kanyang mata kaya hindi na madalas maduling gaya ng mga unang buwan. Marunong na siyang tumitig at sumunod ng tingin, maglaro, makakilala at makinig sa mga boses at tugtog.

Natutulog na siya ng buhat sa 15 hanggang 17 oras maghapon. Ang kanyang pagsuso ay tuwing ika-4 na oras, lalo na at siya ay sinasanay sa ganito. Pati ang pagpapakain sa hatinggabi ay unti-unti nang maaalis hanggang ika-6 na ng umaga.

Maaari na siyang bigyan ng pagkaing may laman sa kan-


*(Sundan sa pah. 20)*




**Ang aming patalastas ay nakapaloob sa botelyang ito. Ito'y para sa masisiglang tao—mga karpintero at iba pang abalang manggagawa—na madaling nauubusan ng sigla.**

**Ganito lamang: Bireley's Chocolate ang inumin para sa inyo. Pinasisigla kayo agad nito. Ito'y isang inuming nagpapalakas, nagtataglay ng gatas.**

**Ang tunay na lasang tsokolate nito ang nagdudulot ng masarap na kaibahan. Subukin ang aming patalastas!**




**BIRELEY'S CALIFORNIA ORANGE, INT., S. A.**

**2990 Taft Ave. Ext., Pasay City** **Tel. 8-12-09**


## Mga Payo Ukol Sa Iba't Ibang Pagkakataon

**Ang pagkakaroon ng tiwala at ng paniniwala sa iyo ng kapwa ay isang pagpapatunay na ikaw ay nilalang na may sariling karangalan at nagtataglay ng wastong isip.**

**Maaaring natutupad mong lahat ang iyong mga tungkulin at dumarating ka rin sa oras ng iyong pakikipagtipan, subali't ikaw ba'y naaasahang gumanap sa ibang bagay liban sa iyong gawain? Napagkakatiwalaan ka rin ba ng mga lihim? Hindi ka ba maunawaan ng iyong mga kasama dahil sa iyong pagkakaroon ng pabagu-bagong isip? Ang iyo bang katuwaan ngayun-ngayon lamang ay nahahalinhan agad ng pagkawalang-kibo? Hindi ba nasusunod ang iyong mga balak dahil sa pagbabago ng iyong isip?**

**Ang pagkakaroon mo ng karangalan at ang pagtitiwala ng iba sa mga sinasabi mo ay nasasalalay nang malaki sa iyong pagkakaroon ng matatag na hangarin, nang sa gayon ay tumanggap ka ng pagsang-ayon at paggalang ng kapuwa. Magkakaroon ka rin ng lubos na pagtitiwala sa sarili kung nanaisin mo.**

**Malalaman mo kung ikaw ay mapaniniwalaan sa pamamagitan ng pagsagot sa sumusunod na mga tanong...**

**Bilangin ang lahat ng sagot na oo...**


1. **Ginugulo mo ba ang isipan ng mga taong naglilingkod sa iyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng napakaraming utos, pagkatapos ay ang pagbabago naman sa mga iyon?**
2. **Ang nilagdaang katibayan o kasulatan ba ang nakapigil sa iyong kinagawiang pagsira sa mga binitiwang pangako?**
3. **Lubha ka bang makalimutin?**
4. **Madalas bang hindi ka nakikinig sa mga bagay na dapat sana'y pag-ukulan mo ng matamang pansin?**
5. **Kapritsoso ka ba at hindi ka maunawaan tuwina dahil sa iyong pagkakaroon ng "sumpong"?**
6. **Mahusay ka bang umiwas sa mga gawain, sa pagbabayad ng tungkulin, sa mga kagusutan at kamaliang kinasasangkutan mo?**
7. **Maging matapat ka... kapag ang iyong kaibigan ay nasa panganib o kaya'y nangangailangan ng tulong, pinagtataguan mo ba siya at nagbibigay ka ng mga dahilan upang makalwas sa pagtulong sa kanya?**
8. **Nilalakipan mo ba ng kulay ng pag-ibig ang lahat ng ikinukuwento mo?**
9. **Inihuhuli mo bang gawin ang bagay na kinaiinisan mo?**
10. **Magtataka ba ang iyong mga kaibigan, kamag-anak at mga kasamahan sa gawain kung mababatid nilang nagsasabi ka ng mga bagay na laban sa kanila?**

**Katumbas ng mga sagot na oo...**

**7-10...nagbubunyag na ikaw ay hindi pagkakatiwalaan kailanman, maraming mga bagay ang kailangan mong baguhin... sa iyong personalidad at ugali.**

**2-6... may ilan pang mga bagay na nagbubunsod sa ilan na paratangan ka bilang isang taong hindi lubhang mapaniniwalaan ... isa na rito ang iyong hindi pagkakaroon ng iisang patakaran. Piliting baguhin ang kamaliang ito.**

**0-1... Ikaw ay may isang salita, mapagkakatiwalaan at mapaniniwalaan —mrm**







Dapat ugaliin ng mga kababaihan ang pagsusuot ng delantal lalo na kung ang lahat halos ng kanilang panahon ay itinitigil nila sa kusina. Itoy makatutulong nang malaki sa kanila sa pag-iwas sa kahihiyan, sapagka't kung minsan ay biglang sa-darating na lamang ang ilang panauhin. Ngayon, kung sila'y nakadelantal sa tuwina, hindi marurumihan ang kanilang mga damit kaya makatitiyak silang malinis silang mararatnan ng hindi inaasahang mga panauhin.


# MGA TABAS NA DELANTAL

Mayroong iba't ibang tabas ng delantal na inyong mapagpipilian. Kung alin ang inaakala ninyong magagamit nang maginhawa ay siyang parisan...









# MGA DAMIT NA PANLAKAD

Ang dalawang kasuotang nakalarawan ay nagtataglay ng iisang tabas. Ang pagkakaiba lamang ay nasa tela, isang liso at isang *polka*. Ang mga paldang tabas *pencil* ay tinambalan ng pang-itaas na may "cap sleeves", kuwelyong nakaangat nang bahagya at kinabitan ng maliit na laso sa likuran.
Bagay na bagay isuot sa pagdalo sa "shower", —pagtitipong inihahandog sa isang dalagang malapit nang humarap sa dambana.





Magkatugong laso sa palda at blusa ang nagpatingkad sa pagkakayari ng damit na nasa gawing kaliwa. Ang nasa kanan namang mahabang *toreador* ay ginamitan ng isang blusang walang manggas. Maraming pagkakataon ang mapagsusuotan ninyo ng mga damit na ito.

*Pakikipanayam (Daw)*

*ni Mario Nieves*

# INA: "ANAK KO...!" ANAK: "INAY, PAALAM!"



LUMULUHA, NAGHIHINAGPIS... iyan si Aling Angge. Nguni't hindi ang pagkakalayo sa kanya ng anak na dalagita ang iniluluha niya kundi ang nasayang na pagpapagod niya rito. Naghihinagpis siya ... isa'y dahil sa kasasapitang pagdurusa ng kanyang anak. Isa pa'y dahil sa laging naka-lo' waist ang kanyang naging manugang.

Habang lumuluha at naghihinagpis si Aling Angge, pumasok ang tagapanayam:

**T. Buwan ng Hunyo... buwan ng kasalan. Ito po kaya ang dahilan kaya naisipan nang "lumagay sa tahimik" ng inyong anak?**

S. Hindi!

**T. Ano pong hindi?**

S. Hindi dahil sa ngayo'y buwan ng kasalan, at hindi siya talagang **lumagay sa tahimik.**

**T. Ano po ang maaaring naging dahilan?**

S. Iyan nga ang ipinaghihinagpis ko. Wala akong maisip na dahilan para magtanan sila.

**T. Nagtanan po pala; nguni't baka po naman may dahilan?**

S. Kung mayroon man ay ang kawalan niya ng sapat na gulang.

**T. Marahil po, kaya niya naisipang magtanan ay dahil sa inaakala niyang may isip na siya, hindi po kaya?**

S. 'Yan nga! 'Yan nga ang iniisip kong dahilan. Sinasabi ko na nga ba.

**T. Ano po ang sinasabi ninyo?**

S. Kangina'y hinahanap ko ang tunay na dahilan ng kanyang pagtatanan. Ngayon ay nakuro ko nang iyon ay dahil sa pag-aakala niyang may isip na siya kahit wala pa siyang sapat na gulang.

**T. Bakit po?**

S. Sapagka't nang minsa'y nasabi niyang dalaga na raw siya.

**T. Ano po ang kaugnayan niyon?**

S. Nangangahulugang noon pa ma'y may balak na siyang **lumagay sa gipit:**

**T. E, sino nga po pala ang sinamahan ng inyong anak?**

S. Naku, isang istambay riyan sa kanto. Joe Mac kung tawagin nila.

**T. Ano po ang gulang niya?**

S. Magkasinggulang lang yata ang dalawang palamara. Parehong disisais anyos.

**T. Disisais?**

S. Gaya ng iyong narinig.

**T. Makapagsasarili na po kaya sila?**

S. Naku... malayung-malayo.

**T. Malayung-malayo?**

S. Oo, sapagka't wala pang hanapbuhay ang lalaki. Ang opisyo lamang ng palamara ay magbumabad sa kanto.

**T. Magbumabad sa kanto?**

S. Teka, napupuna kong inuulit mo lamang ang huling sinasabi sa pagtatanong mo, a. Pero, talagang wala na yata akong nakitang magaling sa Joe Mac na iyon. Wala nang trabaho'y wala pang titulo.

**T. Di magiging kawawa po ang inyong anak?**

S. Magiging kawawa nga. Nguni't ma'no ba sa akin ... ni hindi niya tiningnan ang mga paghihirap ko.

**T. Hindi po kaya dahil sa taglay na kabataan ng anak ninyo?**

S. Maaari. Subali't ang talagang ipinaghihinagpis ko'y ang pagbigo niya sa akin.

**T. Paano pong kayo ay binigo niya?**

S. Pinaasa niya ako nang pinaasa na kakandiliin sa aking katandaan.

**T. Ipinangako po niya iyan?**

S. Oo. Buhat pa man noong nasa elementarya hanggang sa bago siya magtanan ay sinasabi na niyang hindi siya mag-aasawa hangga't hindi siya nakapagsisilbi sa akin.

**T. Anong pagsisilbi po?**

S. Yaong tulong... tulong daw pagkapagtapos niya sa kolehiyo.

**T. Ang hirap po yata, e, hindi siya nakapagtapos man lamang ng haiskul?**

S. Ganyan nga. Isipin mo na lamang: magsisilbi raw pagkatapos ng pag-aaral. Saka ngayo'y hindi pa nakatatapos ng haiskul e, iniwan na ako!

**T. Dapat po kaya silang sisihin sa kanilang kapusukan?**

S. Siyempre pa. Kung dinadaan man ng kabataan ang ibang bagay sa biro ay ibahin sana nila ang tungkol sa pag-aasawa.

**T. Nakita na po ninyo marahil ang ibang ikinasal ... sa taguri po't tunay na kahulugan ay talagang mga bata.**

S. Nakakita na ako niyan: 'yung habang ikinakasal ay pakandi-kandirit pa sa paglakad patungong altar.

**T. Ano po ang masasabi ninyo roon?**

S. Kinaaawaan ko noon ang mga magulang ng mga batang iyon. Ngayon ay naaawa ako sa aking sarili dahil sa ganoon ang nangyari sa aking anak.

**T. Paano po ba nagkakilala ang anak ninyo at si Joe Mac?**

S. Alam mo na 'yang mga istambay. Mahusay magpa-charming. Ito namang dalaginding ko, napatangay.

**T. Ano po ang sumunod na pangyayari?**

S. Pagkatapos niyon ay nabalitaan kong sinasabayan daw ang anak ko sa pagpasok sa iskuwela; pagkatapos, lumakas na ang loob ni Joe Mac na dumalaw-dalaw rito sa amin.

**T. Pagkatapos po?**

S. Ganito na nga. Natapos sa pagtatanan. Ang mga ... (censored) na iyan, oo.

**T. E, ano po ang gagawin ninyo kung mamanhikan ang dalawa?**

S. Ano pa nga ang gagawin ko...

**T. Ano nga po?**

S. Di tatanggapin ko. Hindi ako ang klaseng tututol sa dapat mangyari. Nakapagsama na sila, ano pa ang gagawin ko? Heto, maghintay.

**T. Patitirahin po ba ninyo sa inyong bahay?**

S. A, iyan ang hindi ko gagawin. Magkandahirap-hirap na sila. Kung hindi sila makapagluto ng pagkain, huwag silang kumain. Kung wala silang matirahan, maglagi sila sa bangketa.

**T. Kung hindi po sila makabili ng damit?**

S. Huwag silang... e, huwag na silang magbihis.

**T. Kailan po kaya matatapos ang inyong pangungulila at paghihinagpis?**

S. Sa palagay ko'y walang katapusan... hanggang nagugunita kong nagkaroon ako ng anak na mangungulila't maghihinagpis sa mga palad ng isang **naka-lo' waist.**

ISANG ARAW, mula sa maliit na eskinitang naglalagos sa gawing tagiliran ng munisipyo ng San Mateo, Rizal ay bumagtas ng lansangang-bayan ang isang libing. Mabibilang sa daliri ang mga kasama sa libing -- ang ama at ina ng ihahatid na sa pantiyon, at marahil, ang ilang pininsan at ang naghawak doon sa binyag. Anim o lima lamang ang maghahatid sa katawang alabok na iyon sa kanyang huling hantungan. Nguni't ito'y hindi masasabing aba, sapagka't ang ililibing ay isang sanggol lamang.

Ang libing na katulad niyon ay karaniwan nang di napapansin ng mga nadaraanan. Nguni't ang nabanggit ay nakatulad ng ibang mararangyang libing. Naging kapansin-pansin iyon sa mga tao. Inihatid pa iyon ng tanaw ng mga nakasaksi hanggang sa maipasok sa simbahan. Dahilan: kasama ng libing ang isang di-pangkaraniwang banda ng musiko.

Bagaman pangkaraniwan nang tanawin sa mga taga-San Mateo ang pagdaraan ng banda ay walang nakatitiis na hindi sundan-sundan iyon ng tingin. At manapa, sa mga mukha nila'y mababakas ang paghanga pagka't iyon ang bandang tumalo sa labimpitong malalaking banda sa isang **Parade Competition** sa Olonggapo; iyon ang bandang gumapi rin sa ilang banda sa isang labanan sa San Juan del Monte, Rizal; at iyon din ang bandang sa loob ng wala pang isang taong pagkakatatag ay mayroon nang "di-mabilang na natugtugang" mga pistang bayan at iba-iba pang okasyon. Iyon ang **Bata Victory Band** na binubuo ng mga batang mula sa 7½ hanggang 14 na taong gulang. Katunayan, iyon ang bandang kailan lamang ay tumanggap ng alok buhat sa isang komite ng isang pagtatanghal sa California, Estados Unidos para tumugtog sa bubuksan doong karnabal, alok na di-tinanggap ng karamihan sa mga magulang ng mga bumubuo ng banda.

# MUMUNTING MUSIKO

***Sinulat ni***
***PONCIANO SALEN***

**PAGTATATAG**

Masasabing ito'y ikalawa nang bandang may ganitong uri na napatatag sa San Mateo, Rizal pagka't ang mga ama ng ilan sa mga bumubuo ng **Bata Victory Band** na nagsipagdaan din sa katayuan nila ngayon, ay nagmusiko rin sa gulang na 7½ hanggang 14 na taong gulang at nangagsibuo rin ng bandang gaya ng kinaaniban nila ngayon.

Kung ang dalawang bandang ito, laluna ang **Bata Victory Band,** ay masasabing karangalan o kapakinabangan ng San Mateo, hindi matutulutang ito'y naging utang ng nasabing bayan kay G. Simon Negrito, naging **band leader** ng **Philippine Army** noong nakaraang Unang Digmaang Pandaigdig at kasalukuyang naninirahan sa nasabing bayan. Sa pangunguna niya at pagsusumikap natatag ang **Bata Victory Band.**

Ang kanilang pagsisimula ay waring hindi binalak. Sa tahanan nina G. at Gng. Negrito naninirahan ang dalawang apo nila. Palibhasa'y nakaiintindi ng musika, kinapansinan nila ang dalawang batang ito ng natatagong kakayahan sa paghawak ng instrumento. At sinubok ni G. Negrito na turuan ang dalawa ng pagtugtog ng trumpeta. Nagtagumpay siya, at ilang linggo lamang, ang dalawang batang iyon ay naisama na sa banda ng mga matatanda at kumita na ng salapi.

Noon naisip ni G. Negrito ang muling pagtatatag ng banda ng mga bata. Nagpatalastas siya sa mga magu-magulang ng mga batang may nais mag-aral ng pagmumusiko at sa loob ng wala pang isang buwan ay may tinuturuan na siyang labing-isa. At pagkaraan pa ng ilang linggo ay dumami pa nang dumami ang nagpaturo sa kanya upang maging mga musiko pagdating ng araw. Pagkatapos ng isang buwan at kalahati, nakabuo na sila ng isang matatawag na banda na nakatugtog na sa isang Flores de Mayo.

Ayon kay G. Negrito at kay Koronel Florentino Buenaventura, isang dating kapitan sa Hukbong Dagat ng Pilipinas at siyang kasalukuyang pangulo ng banda, ang naging suliranin lamang nila ay mga instrumento. Karamihan sa mga magulang ng mga bata ay walang kayang bumili ng instrumentong gagamitin ng kanilang mga anak. Pabiro pang nasabi ni G. Negrito na "marami sa mga magulang nila, ng mga bata, ang nagsipagsanla ng hagdanan at bintana, at nagbili ng kalabaw upang magkaroon lamang ng instrumento ang kanilang mga anak." Sa panahon ng kanilang pag-aaral ay nanghihiram kung minsan ang iba sa mga kakilalang may instrumento.

Liban sa suliranin sa kagamitan ay wala nang iba pang nakasagabal sa pagkakabuo ng **Bata Victory Band.** Masisigasig ang mga bata at "talagang may mga angking talino sa musika," nasabi pa ng mga namumuno sa banda. Sa loob ng wala pang isang buwang pag-aaral, ang isang bata'y nakababasa na ng nota at nakatutugtog na sa kanyang instrumento.


Masasabing ang ikinadadali ng kanilang pagkatuto ay dahil sa kanilang pagkakahilig at kasigasigan at sa pamamaraang ginagamit sa pagtuturo sa kanila nina G. Negrito at G. Gregorio Carcamo, **assistant band master** ng banda. Sa pamamagitan ng **Eslava Metodo de Solfeo ni Carillo,** aklat bilang isa, ang pagbasa ng nota at pagtugtog ng instrumento ay pinagsasabay na nilang itinuturo sa mga bata. Sa ganitong paraan, wala pang isang buwan, ang isang batang musiko ay nakatutugtog na at nakasasama na sa mga asiste (pagtugtog) ng **Bata Victory Band.**



**Ang Bata Victory Band nang kasalukuyang nakikipaglaban sila sa labimpitong malalaking banda noong Rizal Day, 1956 sa Olonggapo, Zambales. Dito'y nagkamit sila ng isang tropeo bilang unang gantimpala sa nilahukan nilang Parade Competition**



**Si G. Simon Negrito at Kor. Florentino Buenaventura. Sa kanilang pamumuno, sa tulong ni G. Gregorio Carcamo ay natatag ang isang bandang mabibihira na.**



**Ito ang Bata Victory Band nang may dalawang buwan pa lamang silang natatatag. Mababakas sa kanilang mga mukha ang marikit na kinabukasang ipinangangako ng kanilang angking talino sa musika.**

At sapagka't masisigasig na lahat, sa maikling panahon ng puspusang pamamatnubay nina G. Negrito ay nagkaroon sa San Mateo ng isang bandang kung di man natatangi sa lahat ay mabibihira na.

Ang mga pamamatnubay na ito nina G. Negrito, Kor. Buenaventura at G. Carcamo ay walang kaukulang bigay-pala na nagmumula sa mga magulang ng mga batang musiko.

"Ito'y naging panata ko na lamang," naipahayag pa ni G. Negrito.

"Malaking bagay sa mga magulang ng mga batang iyan ang aming nagagawa at yaon ay parang tulong na namin," pahayag naman ni Kor. Buenaventura.

**ANG KINABUKASAN NG "MUMUNTING MUSIKO"**

Sa kasalukuyan, ang **Bata Victory Band** ay may apatnapu't dalawang musikong bata at may sarili nang himpilan sa Sta. Ana, San Mateo, Rizal.

At mula nang matatag noong Marso, 1956 ay nagkaroon na sila ng asisteng "di-na-mabilang" na nangangahulugang kumita na sila ng dibiru-birong halaga. Ang mga nag-aaral, laluna sa **high school,** at kasapi sa banda ng kanilang paaralan ay hindi na tinutustusan ng kani-kanilang mga magulang. At pagkatapos ng limang taon, ayon sa kanilang mga tagapamatnubay, kung nanaisin nila, halos si-

*(Sundan sa pah. 31)*

# Ulilang Halaman

nobela ni Potenciano Carreon, Jr.

**Ipinagtanggol Ni Rafael Ang Karapatan Ni Tinoy Nguni't Hindi Niya Makupkop Ang Bata Dahil Sa Pagtutol Ng Kasintahan**

(Ika-7 Labas)

NAKATITIG si Rafael sa mukha ni Mang Tomas. Titig na may kahinahunan, nguni't wala bahagya mang panganganino.

—Kung totoo pong kinuha nga ni Tinoy ang sinasabi ninyong dalawampung piso, — ani Rafael na marahan ang pagsasalita, —ay ipinagwawalang-kibo na niya ang pag-ako kong bayaran iyon. Nguni't mahigpit pong tumututol siya ... ayaw niyang bayaran ko ang nasabing halaga.

—Ang ibig ba naman ninyong sabihin, G. Rafael, ay ang sinabi ng batang 'yan ang inyong pinaniniwalaan at ang sinabi ko ay hindi. Para ring ipinamumukha ninyong ako'y sinungaling, —wika ni Mang Tomas na kumakatal ang tinig.

Napasulyap si Mang Tomas kay Dora. 'Napatingin din si Rafael sa dalaga. Walang kibo si Dora. Hindi rin ito nagsalita at hindi nagpahayag ng sariling palagay.

—Sa aming pook na ito'y walang nagpapalagay sa aking sinungaling. Hindi ko sasabihing kinuha ng batang 'yan ang dalawampung piso kungdi totoo. Sa kalagayan ko sa buhay, maipagtatanong ninyo kahit kanino rito, kung dalawampung piso lamang ay maaari namang ako'y magkaroon sa bahay. Hindi ako magsisinungaling tungkol sa bagay na iyan.

—Huwag ninyong ipagkamaling ipinalalagay kong kayo'y sinungaling, Mang Tomas.

—Gayon din ang magiging kahulugan, G. Rafael...

—Ipinagkamali ninyo ako, —ani Rafael na bahagyang nagkibit ng balikat. —Sa paniniwala ko kay Tinoy ay hindi ko iniisip na kayo'y nagsisinungaling, kundi maaaring nangyayari lamang sa isang pagkakamali. Maaaring kung saan ninyo nailagay ang inyong kuwalta, at maaari ring may ibang nakakuha.

Hinarap ni Rafael si Tinoy. —Ang sansalaping kinuha mo, Tinoy, ay babayaran ko kay Mang Tomas?...

—Opo.

—Huwag na po... huwag na po.

Hindi iginiit ni Mang Tomas ang dalawampung piso. Talaga namang alam niyang nagsasabi ng totoo si Tinoy. Singkuwenta sentimos lamang ang nawala sa kanyang kahon.

Sinabi lamang ni Mang Tomas na dalawampung piso. Ang hangad niya'y takutin si Aling Senday — mapalaki niya ang pagkakautang ng maglola sa kanya. upang kung magbalik si Tinoy ay may dahilan siya na huwag bayaran sa pagpapaalila.

Umaasa si Mang Tomas na sa malao't madali ay babalik ang bata. Kapag nagutom ito sa paglaboy ay uuwi rin sa kanyang lola, at tinitiyak naman niyang ibibigay sa kanya ni Aling Senday ang bata.

Subali't hindi inaasahan ni Mang Tomas na may kasama sa pagbalik si Tinoy. Kung sinong Rafael ito? Narinig din niyang nakaauto ang kasama ni Tinoy. At sa tingin naman niya sa kausap ay hindi niya magaganun-ganon ito.

—Kahit ako mahirap ay maipawawalang-bahala ko rin kung ang dalawampung piso lamang, —saad ni Mang Tomas. —Lalo't sinasabi ni Tinoy na talagang hindi niya kinuha.

Ngumiti si Mang Tomas kay Tinoy. Ipinararamdam sa mga kaharap na hindi na siya nagagalit sa bata.

—Bueno, —wika pa ni Mang Tomas, —ako'y hindi na magagalit. Makauuwi ka na sa bahay, Tinoy.



—Hindi na po ako uuwi sa inyo, —sagot ni Tinoy. —Ke Mang Rafael na po ako uuwi.

At tiningnan ni Mang Tomas si Aling Senday.

—Pero, iho... hindi mo pa nababayaran ang ating utang kay Mang Tomas.

—Ayoko kay Mang Tomas!

—Ayaw ka sa akin... mabuti naman ang pagpapasunod ko sa iyo, —nakangiting wika ni Mang Tomas. —At ikaw ay bata pa... hindi ang gusto mo ang dapat na masunod kundi ang gusto ng iyong lola. Siya ang iyong magulang.

Hindi sumagot si Tinoy. Nakatingin siya kay Rafael at ang mga mata'y tila nakikiusap — tubusin siya kay Mang Tomas.

—Aling Senday, kung papayag po kayo ay babayaran ko ang inyong utang kay Mang Tomas.

—Ba, e kung babayaran po ninyo e paano naman kayo? Ano pong kondisyon ang ibig ninyo? —tanong ni Aling Senday.

—Wala pong kondisyon. —ani Rafael.

—Basta po lamang babayaran ninyo?

—Babayaran ko nga po lamang.

—Kay' Mang Rafael po 'ko papasok na alila.

—Sinabi ko na sa iyo, Tinoy, na hindi ako nangangailangan ng alila, —turing ni Rafael.

—Babayaran ko ang utang ng lola mo at kung ayaw ka kay Mang Tomas ay walang makapipilit sa iyo.

Maasim ang mukha ni Mang Tomas nang humarap si Rafael.

—Babayaran ko sa inyo, Mang Tomas, ang utang ni Aling Senday, —ani Rafael.— Sang-ayon sa pagkatanda kong sabi ni Tinoy ay dalawampung piso. —At inabutan ng isang dadalawampuing-piso.

—May tubo po 'yon... bente por siyento po isang buwan, —sabi ni Aling Senday.

Dumilim ang mukha ni Rafael. Nahalata ang biglang pagkamuhi niya.

—Sa bente por siyento ng dalawampu ay apat na piso, —wika ni Rafael. —E, magkano po naman ang suweldong ibinibigay ni Mang Tomas kay Tinoy?

—Apat na piso po.

—Apat na piso, —pagulat na sambit ni Rafael. May galit ang mga mata ni Rafael na napatitig kay Mang Tomas. Tubo lamang pala ang halaga ng pagpapaalila ni Tinoy kay Mang Tomas. —Sa halagang dalawampung piso'y nakabili kayo ng isang buhay Mang Tomas... isang buhay ng isang kawawang batang maaalila ninyo sa habang panahon. Hindi ko akalaing hanggang ngayon ay ganyan pa kamura ang buhay ng tao.

—Mura lamang ang buhay ng tao kung hindi nakatatagpo ng habag sa kanyang kapuwa! —sambit ni Dora na may paglahi ang pagsasalita.

—Hindi ko pinilit si Aling Senday. Siya ang lumapit sa akin.

—Talagang ang karalitaan ay hindi na kailangang pilitin sa mga sandali ng pangangailangan, —ani Rafael, at kumuha pa sa kanyang pitaka ng apat na mamiso.


Kasama ang dadalawampuin ay iniabot iyon kay Mang Tomas. Nguni't nang aabutin iyon ng matandang usurero, ay sinadya ni Rafael na ihulog iyon. Kumalat sa sahig ang kuwalta.

Nagkasukatan ang titig nina Mang Tomas at Rafael.

—Mapupulot ninyo ang bayad sa inyo ni Tinoy, —wika ni Rafael.

Matigas ang ngiting gumuhit sa labi ni Mang Tomas. Yumuko si Mang Tomas at pi-

(*Sundan sa pah.* 31)




MMMM... sabagay, e, medyo inaantok na 'ko. Gabi kasi ngayon. Pero mabuti na sa gabi. Walang mas'yadong ingay. Walang istorbo sa takbo ng aking 'ika nga'y **sumpong.** Wala akong maririnig ngayon kundi ang di na maintindihang usapan sa tindahan ni Pinang. Me kalayuan nang konti'ng tindahan. Maraming istambay ngayon do'n. Gabi-gabi'y naro'n ang mga binàtilyo ng baryo. Nagdadalaga na kasi'ng anak na panganay ni Pinang. Hayun, me naririg din akong kalantog ng mga bakya sa kalsada. Sa kalantog lang e, masasabi ko na kung sino 'yon — si Inggong Kubrador alyas **Gahol.** Dangan kasi'y lagi nang nagagahol ang d'yaski. (Lagi kasing napupatukan sa h'weteng. Laging nahuhuli sa bulahan.) Bakit mahilig pa 'yang si Inggo sa mga bakyang mabibigat. Sa kanya tuloy naisisisi ni Alakalde, este Alkalde, ang malakas na pagkasira ng kalsada dito sa baryo. Nauulinigan ko rin, may kalayuan na seguro ang kahulan ng aso sa may pagpasok sa kabayanan. Tinatawagan seguro ng mga damuho ang taong-bayan para payagan nang kumandidato si Andoy, ang nakaisip ng isyung **Dog Ban**...



---

B'weno, b'weno... deretso tayo sa 'ting istoryahan...

Kamakalawa lang, napunta 'ko ke Pareng Nano. Si Pareng Nano ang kinikilalang hilot sa baryo. Basta hinilot n'ya, tiyak na lalagutok ang butong may bali ng nagpahilot. At pag lumagutok, ayon kay Pareng Nano, nadugtong o nahulma na ang napunggal ra kasukasuan (kung kasukasuan man 'yon o ano pa man.)

Ang isa pang inihahanga ng mga taga-baryo sa aking kumpareng hilot e, ito — kahit saan kayo mag-abot, ituro n'yo lamang ang inyong pilay at era mismo, hihilutin kayo. Palagay nang nasalubong si Pareng Nano ng isang may pilay. Nasa kalsada sila. Sasabihin ng may pilay na bali o naalis sa lugar ang gano'n o ganito n'ya. Mismong sa kalsada, hihilutin s'ya ni Pareng Nano. H'wag kayo, 'ba, laging may binulsang botelya ng langis si Pareng Nano.

Kung pa'nong hindi napapasma o napapasama ang mga hinihilot ni Pareng Nano sa kung saan-saan lang na panghihilot niya ay isa pang inihahanga namin sa kanya.

E, nando'n nga 'ko sa bahay ni Pareng Nano no'ng Biyernes. Nasa hagdan kami at pinag-uusapan namin ang mga sisiw na pinatutuka niya. May mga lahing teksas daw ang mga d'yasking **siyapin.** Sadarating ang apo ni Antang, si Pedok. Iika-ika si Pedok.

—Bali seguro'ng tulatod ng tinamanang pagkit na ito, — bulong ni Pareng Nano sa 'kin at dinukot na sa bulsa'ng botelya ng langis.



Wala nang marami pang usapan. Ipinaturo lang ni Pareng Nano kay Pedok ang pilay at binirahan na ng hilot. Sa hagdan na naghilutan.

Nang naghihilutan na'ng dalawa, bumira na ng pagngiwingiwi ang apo ni Antang. Masakit daw. Hindi naman nang hindi si Pareng Nano. Binanatan na ng walang puknat na hilot ang pilay ni Pedok.

Hindi ako nakatiis, parang naawa ako sa d'yasking si Pedok, talaga namang namimilipit ang pobre. Nagpaalam muna 'ko sa kumpare ko. Umungol lang s'ya. Pero, hindi pa ko nakatatalikod e, sukat ba namang 'kalain n'yong makarinig ako ng mga kalabog. Nahulaan ko na'ng nangyari at di ako nagkamali — nahulog sa hagdan si Pedok, at... hi-hi-hi... pati'ng Pareng Nano ko.

Ngayon, si Pareng Nano e, nagpupunta sa kabayanan tuwing makalawa. Nagpapahilot siya sa nagturo sa kanya ng panghihilot. Hi-hi-hi...

---

Teka... teka... Gusto n'yo bang tumama sa h'weteng? Alam n'yo ba kung pa'no kayo makatitiyak na tatamaan n'yo ang inyong panaginip? 'Eto'ng paraan ng pag-anunsiyo sa mga panaginip. Walang paltos.

Palagay na'y napapanaginipan n'yong nakipagbarilan kayo. Ayon sa libro ni Inggong Kubrador, maraming numero ang makukuha rito. May numerong katapat ang inyong sarili, ang nakalaban n'yo ng barilan sa inyong panaginip, ang mga baril, ang inyong idad at marami pa.

Pero, tiyak na pagtama ang kailangan natin kaya ang hindi mahahalaga o hindi mabagsik na parte ng panaginip e, hindi na natin aanunsyuhan. Kukunin na lang natin ang inyong numero, ang numero ng baril n'yo at ng inyong kalaban...

Ang inyong kalaban ay 10. Numero 10 ang lalaki ayon sa libro ni Inggo. Kalimutan na natin ang kanyang idad. Hindi makukuha'ng numero ng idad nito pagka't bihira sa mga napapanaginipan natin ang nagsasabi ng kanyang idad. Kayo, palagay na'y tatlumpung taon, trenta'ng numero n'yo. Kaya mero'n na kayo'ng 10-30.

Ngayon, kelangan namang isama natin ang mga baril. Mababagsik umano ang mga baril sa panaginip. Ang numero ng baril — (7). Parcho kayong may hawak na baril, kaya ang mga numero n'yo'y madaragdagan ng 7. 17-37 ngayon.

Pero, kadalasan, kung tumataya tayo sa h'weteng, e, nababawasan ng isa o nadaragdagan ang tinayaan natin. Ang 17 ay nagiging 16 o nagiging 18 at maaaring maging 36 o 38 ang 37. Pero lampas na'ng 38, kaya tiyak ang 36. Ito ngayon ang anunsiyo — 18-36. 'Yan ang tatayaan n'yo ngayon. Pero ito lang ang paalala ko: Kungdi n'yo matatayaan ang anuns'yong 'yan sa araw-araw nang dalawang beses ('yan ang hirap sa h'weteng, araw-araw na'y umaga't hapon pa) e, h'wag n'yo nang alagaan ang anuns'yong 'yan. Pagka't naging **bisyo** na ng mga anuns'yo ang **paglabas** sa araw na hindi n'yo natayaan.

---



Asos...aso...aso... Teka e... Hayan, nagkakakahul na mabuti'ng aso ni Tinay. D'yan sa me likod-bahay sina Tinay Ba't naman kaya naisipang magtatahol ng damuho'ng 'yon... 'Ba, boses ni Tinay...

**Tinay:** Sino hu ba 'yan? Tano, pakitingnan mo kung sino 'yung nasa tarangkahan. Napakadilim, e... Hindi ko makilala.

**Boses-lalaki:** Ako ho, Aling Tinay, e... meron hu lang sana akong...

**Tinay:** (pasabad) 'Ku, ba't hindi kayo tumuloy.

**Boses-lalaki:** Ang aso hu n'yo, e... Tabul nang tahol ... Baka...

Tinay: **Ava,** tsu... **Putris** na aso 'to, a... Sinabi nang sa magnanakaw lang tatahol, e . . Tsu...

Patuloy sa pagtahol si Ava, lekat ang pangalan... mahihiya'ng 'markana.

**Tinay:** Tuloy kayo. Sa mga magnanakaw lang hu at masasamang isipiritu nagkakaganyan ang asong 'yan, e...

'Ba, naku, 'yang si Tinay, eo, masakit sa tenga kung dumiga, a!

---

O, ano naman kaya 'yong umaalingawngaw sa kabilang-kalsada... Hmmm, nagbubuhat kina Busyang... Nagkakagalit na naman seguro'ng mag-asawa... 'Ku, napakalakas ng bibig ng taong 'yan, eo...

**Busyang:** 'Ba, naku, sumusobra naman kayo, Mang Ano (Mang Ano ang tawag ni Busyang kay Kune kapag gayong galit na siya sa asawa.) Magkano... magkano'ng ibinigay n'yong sahod sa 'kin? Dose pesos. Intrega ba naman ng me pamilyang tao ang dose pesos?

**Kune:** (Wala akong marinig. Tiyak na paanas na naman kung magsalita. Gano'n si Kune, kapag nagsisisigaw na si Busyang ay panay paanas naman siya. Para n'yo nang narinig ang iniaanas ng d'yaski... Ganito: (May halong panggigigil) 'Yang bibig mo, utang na loob. Nakahihiya sa mga kapit-bahay.

**Busyang:** (pagkatapos ng katahimikan) Oo, marunong kang mahiya sa mga kapitbahay at sa mga magulang ko'y hindi. 'Ba, sapul nang kunin mo 'ko sa 'min e, hindi na 'ko nakatikim ng me sabaw a, hindi na 'ko nakakapagsuot ng di pinaglumaan ng mga kapatid kong dalaga, hindi na 'ko nakakapamasyal man lamang, ni hindi ko na maipakulot 'tong buhok ko kaya 'eto, 'eto... (tiyak na ngayon ay ipinagwaswasan ni Busyang sa mukha ni Kune ang mahaba niyang buhok) 'eto, tingnan mo, ang haba-haba. Nakikipaghabulan ng paghaba sa listahan ng utang natin...



Katahimikan uli. Pa'no sasagot na naman nang paanas si Kune. ('Yon lang ang ikinapupuri namin ke Kune, hindi mapagpatol sa asawa. Pa'no'y kung bakit daw laging parang nakikita n'ya'ng mukha ng pareng nagkasal sa kanila ni Busyang kapag sinusumpong siya ng pagkagalit sa asawa. At kapag hindi na sumagot si Busyang tiyak, binirahan ni Kune ng panaog. 'Yon nga lang, sa pagpapanaog ay dala n'ya uli ang iniintrega n'yang ayaw kunin ni Busyang.

Buweno hanggang dito na lang muna... Di ko na maidilat ang mga mata ko dahil sa kaantukan (Hikab... hikab)

**(May Kasunod)**

# KARAPAT-DAPAT BA ANG INYONG KANDIDATO?

*Sinulat ni*

***AR. T. GOLE CRUZ***



Ang Pangulong Carlos P. Garcia sa isa sa mga pagtatalumpati niya. Dito'y kasama niya si Senador Gil Puyat, isa sa mga kasalukuyang aspirante sa panguluhan ng bansa sa darating na halalan sa Nobyembre, 1957. Alam na ng lahat na kandidato rin sa panguluhan ang Pangulong Garcia.

ILANG buwan na lamang ang nalalabi at ang buong sambayanang manghahalal sa ating bansa ay hugos na muling magsasadya sa mga presinto sa bawa't purok sa buong Kapuluan upang sa dakilang araw na iyon ng halalan ay ititik nila sa balota ang mga pangalan ng napipisil nilang mga kandidato mula sa pinakamababa hanggang sa pinakamataas na luklukang-bayan.

Bakit kayo boboto? Ngayon pa'y dapat na ninyong pag-aralang mabuti ang kasagutan sa katanungang ito. Kayo ba'y boboto sa dahilan lamang na kayo'y nakatango sa isang lapiang hindi ninyo maaaring tanggihan? Boboto ba kayo bilang paglanaw ng utang na loob sa isang lider-pulitiko kahit na sino pa ang mga kandidatong itinataguyod nito? O kayo ba'y boboto sa dahilang ibig ninyong masamantala ang karapatang ipinagkakaloob sa inyo ng batas sa dakilang araw na iyon ng halalan, upang mapili ang mga kandidatong sa paniniwala ninyo'y karapat-dapat iluklok sa tungkuling-bayan alang-alang sa ikagiginhawa at ikauunlad ng ating naghihirap na bansa?

Kung itong huli ang dahilan kung kaya kayo boboto, tiyak na ang inyong hakbang ay kapaki-pakinabang at hindi ninyo pagsisihan sa dakong huli. Ito'y nangangahulugang ang kandidato ninyong napili ay nagtataglay ng mga katangiang higit kaysa ibang kandidato, na siyang dapat taglayin ng isang pinunong-bayan.

Nguni't ano ang mga katangiang ito na dapat taglayin ng isang kandidato sa tungkuling-bayan, lalo na sa pinakamataas na tungkulin sa bansa? Ang mga katangian bang iyan ay tinataglay ng inyong napipisil na kandidato? Karapat-dapat bang ihalal ang inyong kandidato?

Naito ang ilang katanungang dapat ninyong sagutin sa pagpili ng isang kandidatong pagtitiwalaan ninyo ng boto:

Mabuti ba ang kanyang pagkatao? Siya ba ay may higit na katangian kaysa ibang kandidato at may kakayahan ba siya sa pinaglulunggatiang tungkulin? Bukal ba sa loob niya ang paghahangad sa tungkuling-bayan o siya kaya'y nauudyukan lamang ng kanyang mga kapanalig? Siya ba'y may karanasan na sa pulitika o sa tungkuling-bayan? Kung may karanasan na siya sa panunungkulang-bayan, bakasin kung anu-anong kaunlaran ang kanyang nagawa sa pook na kanyang kinatawan sa buong panahon ng kanyang panunungkulan at ihambing iyon sa iba pang naghawak ng gayonding tungkulin. Siya ba'y nakahihigit sa kanyang mga sinundan? Sa panahon ba ng kanyang pagiging pinunong-bayan ay natuto siyang makihalubilo sa inyo, upang matalos ang inyong mga suliranin? Ang ginawa ba niyang pakikitungo sa inyo nang siya'y nasa katungkulan ay katulad din ng ginagawa niya ngayon sa hangarin niyang mabihag ang inyong boto? Alalaong baga, kung siya'y naging Pangulo na ng ating bansa at ngayo'y kandidato na naman sa panguluhan, napadalaw na ba siya sa inyong tahanan, sa mga umpukan sa inyong pook, nakamayan na ba niya kayo at nausisa kung ano ang masaselan ninyong suliranin na nangangailangan ng tuwiran niyang pagkilos? At kung ito'y nangyari sa inyo, ano naman ang naging bunga ng hakbang niyang iyon? Natupad ba niya ang magagandang pangako sa inyo bilang Pangulo ng bansa? Sa pagiging Pangulo ba niya'y nagkaroon kayo ng pagkakataong madalaw siya sa Malakanyang? Naging bukas ba ang pintuan ng kanyang tahanan o tanggapan sa mga maralitang sa lahat ng sandali ay nangangailangan ng kanyang tulong sa buong panahon ng kanyang panunungkulan?

Kung siya nama'y isa pa lamang baguhan sa larangan ng pulitika at sa panunungkulang-bayan, ano naman ang mga katangiang tinataglay niya upang siya'y pagtiwalaan ninyo ng inyong boto sa darating na halalan? Sa maikling panahon ba ng panunungkulan niya sa bayan at pagiging baguhang pulitiko ay may nagawa na siyang kapaki-pakinabang na mga bagay, na nagpapakilalang kung mabibigyan pa siya ng pagkakataong manungkulan sa darating na mga panahon ay magiging karangalan siya ng kanyang lahi hindi lamang sa kanyang bayang sinilangan kundi sa buong daigdig man?

Pinatunayan ng huling pangyayari na hindi sa lahat ng pagkakataon ay nakahihigit ang isang pulitikong may mahaba nang karanasan sa palingkurang-bayan, nang sa hanay ng mga baguhang pulitiko ay bigla na lamang sumulpot ang isang di kilalang Sambalenyo na sa dakong huli'y napatanyag hindi lamang sa ating bansa kundi sa buong daigdig man. Ito'y ang yumaong Pangulong Magsaysay, ang Idolo ng Bayan at pangunahing kalaban ng komunismo sa Asya.

Kaya't sa pagpili ng isang kandidato, hindi dapat isaalang-alang ang haba ng karanasan sa pulitika. Ang lubhang mahalaga'y ang kanyang pagkatao, ang tinataglay niyang katangian na dito'y kasama na ang talino na lubhang kailangan sa isang kandidato sa pinakamataas na tungkuling-bansa.

Nguni't tinataglay ba ito ng inyong kandidato? Bilang isang karaniwang mamamayan, siya ba'y may katutubong pagmamahal sa sarili niyang bayan, alalaong baga'y may pagmamalasakit ba siya sa wikang sinuso sa dibdib ng lupa niyang tinubuan; marunong ba siyang magpahalaga sa mga banal na aral at simulain ng ating mga dakilang bayani ng lahi na pinangungunahan nina Rizal, Bonifacio, del Pilar, Mabini, Luna, at iba pang magigiting na Pilipinong nagsipagbuwis ng buhay alang-alang sa ating bayan? Nananangan din ba siya sa dakilang simulain ng yumaong Pangulong Quezon na "Ang katapan ko sa aking lapian ay doon nagwawakas sa katapatan ko sa aking bayan", na ang ibig sabihi'y bayan muna, higit sa lahat, ang dapat niyang lingapin?

Ang mga yumaong Pangulong Quezon at Pangulong Magsaysay ang mabubuting halimbawang dapat panununtunan ng sino mang kandidato para sa pinakamataas na tungkuling-bansa. Ang inyo bang kandidato'y nagtataglay ng kanilang mga katangian?

Ang mga pangalan ng dalawang pangunahing Lider na ivan ng ating bansa — sina Magsaysay at Quezon — ay mga talang sa lahat ng panahon ay natutunghayan natin, upang siyang maging gabay sa ating landas sa paghirang ng mga pinunong pagtitiwalaan ng ating boto sa darating na halalan at sa susunod pang mga panahon.

Kung ang inyong kandidato sa pinakamataas na tungkuling-bansa ay nagtataglay ng mga katangian ng alinman sa dalawang dakilang lider na ito, ay tiyak na kaunlaran, kaginhawahan at katiwasayan ang hinaharap ng ating hikahos na bansa. Sa maraming pangalang "nakahain" sa harap natin sa mga araw na ito para sa pinakamataas na tungkulin sa bayan ay kilatisin natin ngayon pa, kung sa kanila'y matatagpuan ang mga katangian ng dalawang yumaong Pangulo na nabanggit sa unahan. Kung sila'y pawang mabubuti, sa buntong ito ng mabubuti'y piliin ninyo ang lalong mabuti at siyang ihalal. Kung sila nama'y masasama, piliin ninyo ang hindi kasamaan kung sa talaang ito'y wala nang sukat mapagpilian.

Makabuluhang banggitin dito kung sinu-sino ang mga kandidato para sa panguluhan sa darating na Nobyembre ng taong ito, at kung sino man ang inyong mapili sa kanila ay itanong ninyo sa sarili kung ang mga katangiang nabanggit na ay tinataglay nila. Narito ang talaan ng mga kandidato at ng mga naghahangad na maging kandidato sa panguluhan, batay sa mga pahayagan hanggang sa mga sandaling sinusulat ito: Pangulong Carlos P. Garcia, Senador Claro M. Recto, Senador Jose P. Laurel, Alkalde Arsenio Lacson, Senador Gil Puyat, naging taga pangulo ng PCAC at komisyonado ng Aduwana Manuel P. Manahan, dating Hu-

kom Antonio Quirino, dating Espiker Jose Yulo, Quintin Paredes at Senador Eulogio Rodriguez, pangulo ng Partido Nasyonalista at pangulo ng Senado. Sa pagka-pangalawang pangulo naman ay sina Espiker Jose B. Laurel, Jr., Jose Crisol, Macapagal, Pelaez, at marami pang iba ang naririnig.

Alinman sa mga pangalang iyan ay hindi mawawalan ng lalabas na mabuting pinuno ng bahay sa susunod na mga panahon. Ang kailangan lamang ay kilatisin nating mabuti at kilalanin kung sinu-sino sila, sa pamamagitan ng kanilang mga karanasan. Ang pinakagabay nating dapat taluntunin ay ang kanilang mga nagawa at mga gagawin bilang mga pinuno ng ating bansa. Piliin ninyo ang pinakamabuti sa kanila, at kapag ito'y naisagawa ninyo, makaaasa kayong hindi kayo magsisisi sa dakong huli, at masasabing ang napili ninyong kandidato ay siyang pinakamahusay, kaya karapat-dapat pagtiwalaan ng inyong boto sa darating na halalan. (X)

---

## Rizal

Hulog ka ng langit upang maging tanglaw
Sa lahing sinaklot ng lilong karimlan,
Diwa kang nagturo ng tuntuning banal
At diwang lumagot niyong kaalipnan..
Pusong nang tudlain ang buhay na taglay,
Ang dugong nabuhos ay Luha ng Tanan...!

Namatay ka upang mabuhay na muli
At lalong mag-usbong ang iyong lunggati;
Hindi rin nabansot ang matabang binhi
Na inihasik mo sa bayan mong sawi,
Manapa'y sumuko sa magandang mithi
Ang mga dayuhang may masamang budhi...!

Ang mga dakila at ginto mong aklat,
Ayaw ipabasa ng dayuhang sukab;
Ito ang dahilan kung bakit inutas
Ang buhay mong angkin na lubhang marilag...
At sa ngayong tayo'y malaya nang ganap,
Sa Noli at Fili'y mayro'n pang Satanas!

Imulat na sana ng Dakilang Diyos
Ang taong sa iyo'y may taglay pang poot;
Sa Noli at Filing mga bungang hinog,
Huwag mapaitan at namnaming lubos...
Sila sana'y ganap na magbagong-loob
At maunawaan ang buti at buktot..."

—NICOMEDES G. ATIENZA
Kap. DIWANG GINTO
Batangan, Batangan

—oOo—

## Tag-ulan Na...

Sa himpapawiri'y laging natatanaw
Ang lunday ng dilim na ulan ang taglay;
Sa lamig ng simoy ng hanging magalaw,
Nagbabalang unos ay masasaksihan!...

At sa biglang bugso ng ulang malakas
Kasaliw ang kulog at guhit ng kidlat,
Sa bagong panahon, naging isang bakas
Ang katag-arawang lumisan sa wakas!...

Mailap ang huni ng Bakaw at Tikling
Sigwa ng panaho'y babalang darating;
Ang tigang na lupang sa init nalaing
Sa pananariwa'y may biyayang tanim.

Ang Maya at Pipit ay pakunday-kunday,
Sa sanga ng kahoy ay naghahabulan
Kiring Marya-Kapra ay sasayaw-sayaw
Sa batis na hiyas ang tubig na kristal!...

Tag-ulan na naman, anyaya ng lugod...
Sa mga halamang init ang kumupkop;
Tag-ulang sinugo ng nagpalang Diyos,
Buhay at pag-asang may biyayang handog!

—VICTORIO V. TOLENTINO
Kagawaran ng Pananalapi
Maynila

## Pangkabataan
## "ITO ANG AKING AKDA"

HALOS sa lahat ng dako ng ating Kapuluan ay nasasaksihan ang sakit na umiiral sa mga kabataang halos ay may gatas pa sa mga labi — ang pagkagumon sa gawang masama. Hindi naman natin masasabing iyan ay tinaglay nating mga Pilipino mula sa ating mga ninuno, sapagka't noong mga unang panahon ay napabantog pa sila sa pagiging mabuti at mga huwaran.

Bakit nga sa kasalukuyan ay umiiral ang sakit na ito ng mga kabataan? Sa ating mga pang-araw-araw na pahayagan

** KABATAAN: Ipadala sa pitak na ito... ang "unang bunga ng inyong panitik" at abangan. Kung "maaari" rin lamang ay tiyak na malalathala. Ang karampatang pabuya sa bawa't malathala ay masisingil ng may-akda sa tanggapan ng "Bagong Buhay", Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila.

Tandaan: huwag kukulangin sa kalahati (½) at huwag namang hihigit sa isa't kalahati (1½) ng karaniwang papel-makinilya ang haba ng bawa't akda, at makinilyado sa dalawang patlang (double space). Maaari ring sulat-kamay, kailanpama't maliwanag ang pagkakasulat at may malaki-laking patlang (space). Ilagda sa ibaba ang buo ninyong pangalan, kalakip ang edad at direksiyon, o paaralan kung nag-aaral.

Ipadala ang inyong akda, sa: **ITO ANG AKING AKDA, Magasin ng Bagong Buhay, Manila Times Bldg., Florentino Torres, Maynila.**

# KASALUKUYANG SAKIT NG KABATAAN

ay karaniwan nang matutunghayan ang mga batang nagnanakaw, nandudukot, nanghaharang, gumagawa ng gulo, pumapatay na kung minsan ay ng mga magulang at kapatid. Bakit nangyayari ang mga ito sa kasalukuyan?

Isa sa lalong nagpapabigat sa suliranin ng ating Pamahalaan ay ang lumalaganap na sakit ng kabataan. Ano mang pagpupunyagi ng ating Pamahalaan ay hindi maampat ang sakit na ito ng kabataan, na karaniwang nagmumula sa libu-libong tahanan sa Kapuluan. Marami sa ating mga magulang ang nagkukulang ng turo sa kanilang mga anak at lubhang marami rin naman ang labis na nagpapalayaw. Marami sa ating mga ina at ama ang nangakalilimot na sa pangangaral, at wastong pamamatnubay sa kanilang mga anak sapagka't ang tanging



nasa isipan ay paghahanapbuhay at pagpapaunlad sa kanilang kabuhayan.

Kailan man, ang mga natututuhan ng mga bata sa paaralan ay hindi sapat upang siya'y mapanuto sa landas kung ang mga magulang ay hindi makikiisa sa magandang layunin ng ating mga paaralan na mabigyan ng magandang kinabukasan ang mga batang nagsisipag-aral. Una sa lahat ay dapat na imulat ng mga magulang ang kanilang mga anak sa pagkatakot sa Diyos at ikalawa'y makiisa sa layunin ng ating mga paaralan.

Anupa't nasa mga magulang na rin ang ikapapanuto ng ating kabataan. Pagka't sa paraang iyan lamang natin mabubunot ang mga ugat ng sakit ng kabataang lumalaganap sa kasalukuyan upang madulutan sila ng magandang kinabukasan. Sa gayon, sila'y magiging saligan ng kapayapaan ng ating bansa. (X)

—Rogelio Sanchez
Rizal, Nuweba Esiha

---

## AGHAM

Nang dahil sa iyo,
Ngayon ay gumanda ang buhay ng tao na nang una'y pangit,
At ang layu-layo ay nagagawa mong magkalapit-lapit;
Nang ikaw'y singkawan ng lakas ng tao,
Kay daming mabuti ang nangalikha mo;
Ngayon ang daigdig ay gumandang mundo
Na laging may bihis na bago nang bago;
Nguni't anhin ko mang pakapag-arala't suyurin ng isip,
Ang mga nagawa mong magagandang bagay ngayo'y nanganganib
Dahil din sa iyo!


—Felipe Ramos Bautista
Krusnadaan, San Rafael
Bulakan


# PAGBABAKOD

Ano mang kahoy ay maaaring gamiting pambakod, kailan pa ma't ito'y tatagal, magandang tingnan at mura.

Ang mga pakong dapat gamitin ay yaong hindi kinakalawang. Ang kalawang ay makasisira ng kariktan at kalinisan ng bakod.

Ang mga putol ng kahoy ay dapat magkapatung-patong nang mga ½". Apat na putol na kahoy ang iaayos na pahalang sa likod upang pagkabitan. Ang layo ng bawa't putol na pahalang ay isang talampakan at nakapasok sa mga kamahan sa dalawang poste sa magkabilang dulo ng bakod.






(Tingnan ang larawan sa dakong itaas.)


Isang mura nguni't pangmatagalang bakod ang makikita sa larawan sa kaliwa. Ang ginamit dito'y matitibay na sanga ng punong-kahoy, at kinabitan mang pahalang na matutulis na alambre. Ang karaniwang haba ng ganitong pambakod ay 10 yarda. Ang mga dulo ng alambre ay ikinakabit sa dalawang malalaking sanga sa magkabilang dulo.

Bago itayo ang mga kahoy o sanga na siyang magiging pinakaposte, tiyaking ang mga ito'y may alketran upang hindi mabulok agad.

## *Pagpipintura Ng Mga Kasangkapang Metal*

Kung ninanais ang makintab na pinta sa pagpipintura ng ano mang kasangkapang metal tulad ng pugon, ang mahusay na pinturang 'may markang "Brunswick Black" ang dapat gamitin. Kung nais naman ang di-kumikinang na itim, gumamit ng pinturang "Berlin Black".





(Tingnan ang larawan sa kaliwa.)

Ang tubig ay hindi dapat gamitin kailanman sa mga kasangkapang metal. Kung kakailanganin, punasan ang metal ng basahang ibinabad sa "turpentine".

Kapag nagpipintura ng anumang kasangkapang-metal, piliin ang tuyong panahon laluna sa mga panlabas na pagpipinta.

Ang pintura ay hindi dapat gamitin sa basa-basang kasangkapan sapagka't ito'y mababakbak.

Upang maiwasan ang pagkapit ng alikabok sa basang pintura, wisikan ng tubig ang sahig kung may ginagawa sa loob ng bahay. Maaari namang magsabit ng mga basang damit upang hindi lumipad ang alikabok.

Para sa mga "radiator", tubo ng tubig at iba pang gaya ng mga ito, ang pinturang aluminyo ay mainam gamitin. Ang unang hakbang ay ang paglilinis nang mabuti sa bakal o yero at pag-aalis sa mga bakat ng kalawang sa pamamagitan ng pagtukiap [illegible] gamit ng sipilyong alambre.

25-1

# Masdan...



ANG DAIGDIG SA PAMAMAGITAN NG MANINGNING AT MALUSOG NA MATA

ANG ARAW-ARAW NA PAGGAMIT NG ILANG PATAK NG




# EYE-MO

AY NAGDUDULOT NG KABABALAGHAN SA INYONG MGA MATA

½ Fl. oz. Contains: Chlorobutanol 1 gr.; Boric Acid 10 gr.; Berberine Sulphate 1/8 gr.; Zinc Sulphate 1/4 gr.




KING FEATURES SYNDICATE, Inc., WORLD RIGHTS RESERVED.


Johnny Tremain
ni Walt Disney
DISYEMBRE 16, 1773 --SA DAUNGANG GRIFFIN SA BOSTON...
ALAS-SIYETE. TAHIMIK ANG GABI AT LAHAT AY MAAYOS!
HABANG NAGLALAHO ANG MGA YABAG NG BANTAY, ISANG KAHINA-HINALANG PANGKAT ANG LUMABAS BUHAT SA KARIMLAN...
JNO. JONES
TIGIL! SINO'NG NARIRIYAN...?
KONTING BILIS, MGA BATA--BAGO MAKARAMDAM ANG MGA MARINO NG TUNGKOL DITO!
TANDAAN NINYONG MABUTI: WALANG PINSALA SA BARKO--WALANG PAKIKISAGUPA SA MGA MARINO--WALANG BAGAY NA GAGALAWIN MALIBAN SA TSAA!
OPO, G. ADAMS!
G. REVERE, KAYO NI JOHNNY ANG HUMARAP SA KAPITAN!
ISANG KARANGALAN, G. ADAMS!
4-7
DOKTOR WARREN, ANG PANGKAT MO'Y SA DAKONG UNAHAN NG BARKO! G. QUINCY, ANG PANGKAT MO'Y SA DAKONG LIKURAN. LUMAKAD NA KAYO!
KAPITAN, ANG MGA SUSI NG BARKO, KUNG MAMARAPATIN MO...!
© 1957 Walt Disney Productions World Rights Reserved
Distributed by King Features Syndicate.
ITUTULOY...


"VILLA MUERTE"
Nobela ni
PATROCINA R. MARCELINO
Guhit ni
ELMER ESQUIVIAS
IKA-8 labas
ANG Nakaraan
HINDI NAGTAGAL, SI ARMANDO SA PAGIGING FILE CLERK SA UPISINANG PINAGTATRABAHUHAN, AT GINAWA SIYANG BOOKKEEPER. DAPAT SANANG IKATUWA NIYA ITO. KUNG DI SA NAPAPANSING PAGKAINGGIT AT PAGKAMUHI SA KANYA, NG ILANG KASAMAHAN SA UPISINA, LALUNG-LALO NA NG CHIEF CLERK NA SI MISTER FLAVIO.
KOW! BAKIT MO BA SILA IINTINDIHIN? BASTA'T TAMA ANG GINAGAWA MO...
SABAGAY NGA, MARINA... PERO NALULUNGKOT AKO SA PANGYAYARING MAY MGA KASAMAHAN AKONG YAMOT SA AKIN!
ABA, WALA KA NANG MAGAGAWA... TINANGKA MO NA SILANG KAIBIGANIN, AYAW SILA, SILA ANG BAHALA! HINDI NILA MASASABING MAPAGMALAKI KA!
OO NGA, NGUNI'T MAY ISA PANG BAGAY NA HINDI KO MALIMOT... AKALA NILA, KAYA AKO NATAAS NG TUNGKULIN, AY DAHIL SA... SA... NAGSISIPSIP AKO SA MANEDYER!
ABA, KUNG HINDI NAMAN TUTOO 'YAN E, ANO'NG IKALILIGALIG MO? NAKU, KUNG AKO IKAW, NAKATIKIM NG SALITA ANG MGA INGGITERONG 'YON!
UMIIWAS AKO SA BASAG-ULO, MARINA... SIYA, MATULOG NA TAYO... MAY AWA ANG DIYOS... HINDI NAMAN SIGURO LULUBHA ANG PANGYAYARING ITO!
KINABUKASAN...
ETO, ARMANDO... MGA TSEKE 'TONG IPAPASOK MO SA LIBRO!
OPO, MR. SOLIS!
ISA-ISANG IPINAPASOK NI ARMANDO SA LIBRO ANG NUMERO AT HALAGA NG MGA TSEKE, NANG...
ABA... ANG ISANG ITO'Y HINDI PA NAGAGAMIT! IBABAYAD SIGURO ITO NI MISTER ALEGRO SA KUNG SINO AT NAPASINGIT DITO!
PINANLAMIGAN NG KATAWAN SI ARMANDO!
LIMANG LIBONG PISO ITO! PAY TO CASH! ...MAIPAPALIT SA BANKO NANG WALA NANG TANUNGAN! DIYOS KO!
SAGLIT NGANG NALITO SI ARMANDO... AT PAGKUWA'Y NAGPATULOY SA PAGGAWA...
LIMANG LIBONG PISO! ...LIMANG LIBO!... KAYAMANAN NA NG ISANG DUKHA!
KINAHAPUNAN, NANG MAKAUWI NA HALOS LAHAT NG KANYANG MGA KASAMA...
MABUTI'T MAKAKAUSAP KO SIYA NANG SARILINAN! KUNG SINO MAN ANG MAY KASALANAN SA PAGKAKASINGIT NG TSEKENG ITO AY IPAKIKIUSAP KONG HUWAG NA NIYANG PAGALITAN!
GEN. MANAGER
BILBAO ENT.
KUMATOK SIYA SA PINTO... PINATULOY... AT ANG KANYANG NABUNGARAN...
NAKITA N'YO, MR. ALEGRO? PANALO AKO!
?
HE-HE-HE! SIYANGA, MR. SOLIS! TALAGANG MAPAGKAKATIWALAAN 'YANG SI ARMANDO!
ANG TSEKE HONG ITO'Y...
ALAM KO, ARMANDO... IYA'Y TALAGANG ISININGIT NAMIN SA MGA IBINIGAY SA 'YONG PASADONG TSEKE KANINA.
SINUSUBOK NAMIN KUNG HANGGANG SAAN ANG KATAPATAN MO SA UPISINANG ITO!... AT NAKASULIT KA!
IKINARARANGAL KITA, ARMANDO! ...AT GAGANTIMPALAAN!
MISTER SOLIS, KAMAYAN MO ANG BAGO NATING INGAT-YAMAN!
A-AKO?! ...INGAT... YAMAN?!
OO, ARMANDO, AT BINABATI KITA!
SA HAGDAN NG BUHAY AY MULI NA NAMANG NATAAS SI ARMANDO! ...UPANG SA PAGBAGSAK AY MULING MALAGAPAK?
ABANGAN
ANG SUSUNOD NA YUGTO SA BUHAY NG PAMILYA NI ARMANDO, SA KASAYSAYANG ITONG HINUGOT MULA SA AKLAT NG BUHAY!



"Remember Me"
(Alaala Kita, Mahal Ko...)
IKA-15 LABAS
ang nakaraan:
NANG ILIBING ANG INA NI TERESA AY HINANGAD NI LEANDRO NA KAUSAPIN ANG DALAGA INIWASAN SIYA. SINABI NI JOHNNY, ANG MINSANG NAKASAGUTAN NI LEANDRO, NA HUWAG NIYANG PILITIN ANG AYAW MAKIPAG-USAP. HINDI NA KUMIBO ANG BINATA. INIHATID NI JOHNNY SINA TERESA. MAY SINABI SI JOHNNY NA IKINAGALIT NG DALAGA...
KUNWA'Y NAKIKIRAMAY KA SA AMING MAGKAPATID, IYON PALA'Y MAY MASAMA KANG HANGARIN! AT HINDI MO NA IGINALANG MAN LAMANG ANG ARAW NG LIBING NG AKING INA!
PERO...BAKIT KA MAGAGALIT? MASAMA BA NAMAN ANG INAALOK KO SA INYO?
Katha ni EDDIE RAÑOLA
AT BAKIT HINDI! ANO ANG PALAGAY MO SA AKIN... MASAMANG BABAE AT MUKHANG SALAPI? BA! NAGKAKAMALI KA, JOHNNY!
NAPAHIYA NAMAN YATA, HINDI NA SUMAGOT ANG LALAKI AT PAGKUWA'Y TINUNGO NA ANG PINTUAN. NGUNIT BAGO TULUYANG UMALIS, AY...
HINAMAK MO ANG TULONG NA INIHAHANDOG KO SA IYO... IKAW ANG BAHALA! PERO ITO ANG TANDAAN MO: HAHABULIN MO RIN AKO PAGDATING NANG ARAW!
IKAW?... KUNG MASIRAAN AKO NG ISIP, MAAARI!
TINGNAN NATIN...
NANG MAKAALIS NA SI JOHNNY...
BAKIT, ATE... ANO'NG SINABI SA 'YO?
KAWAWA DAW NAMAN TAYO AT ULILA NANG LUBOS... KAYA, IBIGIN KO RAW SIYA AT SUSUSTENTUHAN NIYA TAYO NG MARAMING SALAPI! HAHANGUIN DAW TAYO SA HIRAP...
NATIGILAN ANG BATA, AT PAGKUWA'Y...
ANO'NG AKALA N'YA SA 'YO... KALADKARIN? BAKA HINAHABOL KO S'YA, E...
HUWAG KA NANG MAGALIT, RENE! KAYA NGA PINAGSALITAAN KO NA, E...
MAKALIPAS ANG DALAWANG ARAW, MULING NAGKITA SINA JOHNNY AT TERESA...
BAKIT NAMAN IKINAGALIT MO SA AKIN ANG SINABI KO SA 'YO KAMAKALAWA, PARA...
AT BAKIT HINDI AKO MAGAGALIT! NAPAKASAMA NG PAGKAKILALA MO SA AKIN!
IBIG MO DAW BABAIHIN ANG ATE KO!
HINDI NAMAN, ANG IBIG KO NGA LANG, E MAHANGO KAYO SA...
TAMA KA NA D'YAN! BAKA AKALA MO, NGAYO'T NAGPAPALIMOS LANG KAMI, E...
TENA!...BAKIT BA TAYO MAKIKIPAG-USAP PA SA TAONG 'YAN...
TALAGANG MATIGAS!... PERO MAGKIKITA TAYO ULI... HUMMM!
ONE WAY
TSONGGO!
TSONGGO KA RIN!
ANG LOKONG ITO'T KALIIT PA, E...
PAUWI NA ANG MAGKAPATID BUHAT SA PAGPAPALIMOS, NANG...
TERESA...
SI MISTER MIJARES, ATE...
JOSE ISLA
NANG MAKILALA NG DALAGA ANG TUMAWAG AY LALONG BINILISAN ANG PAGLAKAD. MALUNGKOT NA NAPABUNTUNG-HININGA NA LAMANG ANG BINATA. AT KINAGABIHAN...
TALAGANG AYAW NA SIYANG MAKIPAG-USAP MAN LAMANG SA AKIN... NAWALA NA SIYA SA AKING BUHAY!
MATAGAL NA NANATILI SA MALUNGKOT NA PAGDIDILIDILI ANG BINATA. DINATNAN PA SIYA SA GAYONG AYOS NG AMANG NAGBUHAT SA ISANG MITING...
ANO'T PARANG NAG-IISIP KA NA NAMAN? ILANG ARAW NANG NI HINDI MO NAHAHAWAKAN MAN LAMANG ANG BIYULIN MO!
MATAGAL NA NAPATITIG ANG BINATA SA AMA. NANGINGISLAP ANG MGA MATA. PAGKUWA'Y BIGLANG TUMAYO AT...
IKAW...IKAW, PAPA, ANG MAY KASALANAN NG LAHAT...!
LEANDRO...!
ITUTULOY

NGAYON ay parang naipit ako sa nag-uumpugang bato. Wala akong malamang sulingan. Saan man ako bumaling ay tiyak na kapahamakan ang aking kasasapitan. Sa palagay ko'y walang lunas ang aking kalagayan. Kaya... parang ibig ko nang mamatay. Kung maaari'y ako na rin ang kumitil sa sarili kong buhay. Mabuti na ang gayon kaysa sa iba pa manggaling ang aking kasawian.

Kung may dapat sisihin sa kinasapitan kong ito, ay hindi ko malaman. Kayo na ang pinahahatol ko kung sinong taga ang dapat bigyang-sala sa naging mapanganib kong kalagayan.

na pagmamahal niya sa iyo sa malimit naming pag-uusap.

At nang magkasakit ang aking ina at nakabingit na sa kamatayan, ay napilitan akong mangako sa kanya na pagtatapatan ko ng pag-ibig si Sinang... at pakakasalan ko kung ako'y tanggapin, na siya lamang niyang inaasahan. Ginawa ko ang gayong pagpapakasakit upang mabigyan lamang ng kasiyahang-loob ang aking ina sa sandali ng nalalapit niyang paglisan sa daigdig.

Nang mamatay ang aking ina ay tinupad ko ang aking pangako. At naging mabilis ang mga pangyayari. Hindi pa ako nakapagbababang-luksa ay nakasal na ako kay Sinang.

kung bakit parang ibig maghimagsik ng aking kalooban. Naiisip ko ang nangyaring pagkakasubo kong pakasal sa isang babaing hindi ko iniibig dahil lamang sa aking magulang. At pag naisip ko iyan ay nayayamot akong di ko mawari. Kaya nga ang ibig ko, hangga't maaari, ay gabi nang umuwi ng bahay.

Nguni't ang gayon, hindi ko inaasahan, ay lumikha lamang ng lalo pang kaligaligan at kabuwisitan sa aming mag-asawa. Sapagka't natutong manibugho si Sinang. Pinaratangan niya ako nang masama sa malimit na pag-uwi ko nang gabi. May "kinalolokohan" daw ako. May iba raw akong pinakiki-

na lamang ang di-pagkakaunawaan naming mag-asawa, ay hindi na rin nagbago si Sinang. Huwag na hindi ako manaog ng bahay, huwag na hindi ako dilimin sa pag-uwi dahil sa mga pangyayaring hindi malwasan, ay patuloy na hinaharap niya ako na paris ng dati. Pupunta raw ako sa aking kalaguyo. Sumaglit daw ako sa aking babae. Binigyan ko raw ng pera ang aking kulasisi... at kung anu-ano pang nakapagpapanting ng taynga ng isang taong wala namang ginagawang masama.

Nang hindi ko na matiis ang mga nangyayari sa aming tahanan ay natutong maghimagsik ang aking kalooban. Sinad-

Dahil sa lasing nga ako at wala sa matinong pag-iisip, nang nasa taksi na kami ay kung bakit parang natukso ako sa kanyang kagandahan. Pinaghahagkan ko si Sally, na bagama't hindi tumutol ay hindi ko naman masabing lubos na sumang-ayon.

Noon na nagsimula ang pagkakaugnayan namin ni Sally na hindi ko maiwasan. Buhat nang mangyari sa amin ang gayon ay "kumabit" na siya sa akin nang husto, sa pagbabantang kung siya'y lalayuan ko pa ay magdidimanda siya. Palilitawin daw niyang dinaan ko siya sa dahas nang gabing yaon.

Hindi na nga ako nakalayo



# "SINO ANG MAY SALA?"

***Pagtatapat ng Isang Kawani kay Benito R. Cadiz***

**"Isang araw ay sumipot na lamang sa amin si Sally... at kung hindi ko naawat ang aking asawa, kaipala'y..."**

Naito, isasalaysay ko sa inyo ang mga pangyayari, buhat sa simula...

Bago pa lamang ako nagbibinata ay hinangad na ni Ina na saklawan ang aking karapatan sa ngalang pag-ibig.

—Kung mag-aasawa ka rin lamang, anak, ay ibig namin ng ama mo na si Sinang na ang iyong pakasalan, —ang madalas sabihin sa akin ni Ina.

Nguni't hindi ko siya iniibig, Inay... —ang naisagot ko, nang minsang muli niyang sabihin sa akin ang bagay na iyan..

—Ang pag-ibig ay napatutubo ng isang dalisay na pagmamahal, —ang sagot naman niya noon sa akin. —At nalalaman naming pinakamamahal ka ni Sinang. Di na miminsang nahalata namin ang malabis

Upang umiwas sa isang mahigpit na nangingibig kay Sinang na nagbanta nang masama sa amin ay lumuwas kami sa Maynila. Sa lunsod ako humanap ng mapagkakakitaan, at napasok naman akong kawani sa isang bahay-kalakal.

Palibhasa't hindi ko iniibig si Sinang at napilitan lamang akong lumigaw at pakasal sa kanya, ay hindi ako maligaya sa aming pagsasama. Kaya malimit na ginagabi ako ng uwi. Hindi naman ako nagpapalumagak sa kung saan-saang pook. Kadalasan ay nag-oobertaym ako. Kung minsan ay nanonood ng sine. At kung minsan naman ay nakikipagdama lamang sa barberyang pinagpapagupitan ko. Ayaw ko nga lamang umuwi kaagad ng bahay, sapagka't sa tuwing magkakaharap kami ni Sinang ay

tunguhan. Hanggang sa mapilitan na tuloy akong ipagtapat sa kanya ang tutoo. Nguni't lalo lamang lumala ang mga pangyayari. Ayaw niya akong paniwalaan. Kahit na ang tutoo'y nag-oobertaym nga ako sa aming upisina ay sinasalubong niya ako ng galit at masasakit na salita pag-uwi ko ng bahay.

—Nanggaling ka na naman sa kulasisi mo, ano? —ang padarag na isasalubong niya sa akin at hindi na ako titigilan nang kasasalita. Kung minsa'y tikis na hindi man lamang ako ipinaghahain, kaya napipilitan akong maghain na sa aking sarili kahit na patangpata sa pagtatrabaho ang aking katawan.

Hindi lamang iyan. Nang ipasiya kong mag-uuwi na nang maaga upang maiwasan

ya ko na namang magpagabi ng pag-uwi upang makipagtikisan kay Sinang. At sinadya kong mag-aral ng pag-inom ng alak upang pansamantalang malimot ang kamalasang kinasapitan ok sa pag-aasawa. Hindi ko na pinapansin ano man ang sabihin ni Sinang. Hindi ko na iniintindi ano man ang kanyang gawin. Basta ang sarili ko na lamang ang aking hinaharap. At maturingan na lamang na umuwi ako ng bahay.

At diyan dumating ang lalo pang malas na pangyayari sa aking buhay. Sa bar na malimit kong inuman ng alak ay nakakilala ko ang isang waitress, si Sally. At nang minsang malasing ako ay siya ang naghatid sa akin, sa sarili na rin niyang kagustuhan.

at nakaiwas pa kay Sally. At nang lumipas ang mahigit na isang taon ay nasumpungan ko na lamang ang aking sarili sa harap ng isang pananagutan. Nagkaanak ako kay Sally, na di ko maitatakwil at mapapabayaan.

Lalong "humigpit" sa akin si Sally nang kami'y magkaanak. At minsa'y sinabi niya sa akin na di na maaaring manatili kami sa gayong kalagayan. Sinabi niyang hiwalayan ko na raw ang tunay kong asawa at siya ang aking pakisamahan. Higit raw siyang may-karapatan sa akin pagka't nagkaroon ako sa kanya ng anak.

Ipinaliwanag ko kay Sally ang batas. Sinabi kong sa kabila ng mga pangyayari ay higit na may karapatan sa akin ang tunay kong asawa, at hin-

di ko magagawa ang nais niyang mangyari. Subali't sa halip na makabuti ang aking pagpapaliwanag ay lalo pang nakasama. Sapagka't isang araw ay sumipot na lamang sa amin si Sally at inaway ang aking asawa.

Diyan na nabunyag ang lahat. Kung hindi ko naawat si Sinang ay baka napatay si Sally. At nang makapanaog na si Sally ay ako naman ang hinarap ng aking asawa.

—Bibigyan kita ng dalawang linggo! —ang pasigaw na sabi sa akin ni Sinang. —Pag sa loob ng panahong iyan ay hindi mo ipinakita at pinatunayan sa akin na lalayuan mo na ang babaing iyon ay idedemanda kita. At kung sakaling mabigo man ako sa pagsasakdal ay hindi ka rin makakaligtas pagka't uutasin kita!

Hindi ko naipagwalang-bahala ang bantang iyon ni Sinang. Kilala ko ang kanyang ugali at alam kong tototohanin niya ang gayon. Kaya ipinasya kong kausapin si Sally upang siya nang pakiusapan. Subali't lalong masama ang naging banta sa akin ni Sally.

—Sa ayaw mo at sa gusto, kailangang ako ang pakisamahan mo! —galit na sabi niya sa akin. —Sa ginawa sa akin ng asawa mo ay ipakikilala ko naman sa kanya kung sino ako! Pag hindi ako ang pinakisamahan mo ay hindi ka na p a k i k i n a b a n g a n! Papatayin kita! Hindi baleng mabilbid ako! Tandaan mo iyan! —At idinugtong pa niyang parang panunumbat, na hindi ko naman matutulan: — Alalahanin mong ikaw rin ang may kagagawan ng lahat at sa iyo rin nagsimula ang pagkakaganito ko, kung hindi mo pa nalilimot ang mga pangyayari!

Kilala ko rin ang ugali ni Sally. Sa mahigit na isang taon naming malimit na pagsasama ay hindi nakakaila sa akin ang kapusukan ng kanyang loob at ang pagtututoo sa bawa't sabihin.

At ngayon, hindi ko nga malaman ang aking gagawin. Natitiyak kong saan man ako bumaling ay tiyak na kapahamakan ang aking kasusuungan. Walang lunas ang aking kalagayan. Saan man ako pumunta ay may pananagutan akong pagkakasala, bukod sa nanganganib ang aking buhay.

Ano... ano ang nararapat ko ngayong gawin? At sa kinasuungan kong ito ay sino kaya ang higit na dapat bigyang-sisi at bagsakan ng pagkakasala: ako, ang aking asawa, si Sally... o ang aking ina na siyang naging sanhi ng pagkakasuong ko sa ganitong kalagayan?

Sino nga ang may sala sa kinasapitang ito ng aking buhay?

At... ano ngayon ang nararapat kong gawin?

Ipinauubaya ko na sa Diyos ang kahatulan, gayundin ang aking kapalaran! (X)




**SA KAARAWAN NI DR. JOSE P. RIZAL**

.."Gugunitain sa buong bansa ang kaarawan ng pagsilang ng ating bayaning si Dr. Jose P. Rizal bukas, Hunyo 19 (noong nakaraang Miyerkoles) sa pamamagitan ng mga idaraos na pagdiriwang at palatuntunan sa mga paaralan, ng ilang kapisanan, ng Caballeros de Rizal at ng mga misa sa ilang simbahan."

**Si Dr. Rizal ay isang dakilang anak ng ating bayan, isang dakilang bayaning karapat-dapat huwarin ng lahat. At ang kanyang kadakilaan ay ginugunita natin at "itinatanim" sa puso't diwa ng ating kabataan sa loob ng napakarami nang taon. Nguni't sa kanyang kaarawan, (noong nakaraang Miyerkoles) ay hindi nawalan (o higit na marami?) ang mga nakipagdiwang na "suwail, barumbado at rebelde sa magulang na mga pag-asa ng bayan".**

---

**SA PAGTAAS NG MGA HALAGA NG BILIHIN...**

"...Natalos din na kasalukuyang kumikilos ang mga tauhan ng NBI kaugnay ng pagsisiyasat sa pagtaas ng halaga ng mga pangunang bilihin na waring isinisisi sa mga mangangalakal."

**Talagang 'yang mga mangangalakal ay mahilig sa "pangangalakal". Pero, pag nagpatuloy ang kanilang "pangangalakal" nang walang nagagawang remedyo ang mga kinauukulan, maaaring may pulitiko namang namumulitiko.**

---

**TINIYAK KUNG SINO ANG MAKASISINGIL NG BAKPEY**

"Ang mga beterano lamang ng huling digmaan — ang mga kawal ng USAFFE at mga kinilalang gerilya — ang makapaghaharap ng kahilingan upang makasingil ng bakpey sa itinatadhana ng batas bilang 1558 ng republika, inihayag ni Vicente G. Gella, taga-ingat-yamang pambansa."

Pinid na sa ngayon ang paghaharap ng kahilingan sa bakpey.

**Kung walang "mangangalakal at mamumulitika" (na naman) sa pagkilala ng mga tunay na gerilya, tiyak na walang "maggegerilya" sa listahan ng mga gerilyang siya lamang karapat-dapat magtamo ng bakpey.**

---

**NAPATAY NANG DI SINASADYA**

"Nasawi sa pagsasanay ng pag-agaw ng baril si Jose Osorio y Tobias 31, tsuper, ng 1027 Juan Luna, Tundo nang maglagos sa kanyang tiyan ang isang bala ng rebolber na 45 kalibre kahapong ika-2:15 ng hapon sa tapat ng 1057 Primera de Mayo, malapit sa Solis, Tundo." (Hunyo 18, 1957).

**Masaklap ang sinapit ni Osorio. Di man lang siya nagkaroon ng pagkakatrong mapakinabangan ang kanyang pinag-aaralan. Kaya, kung mag-aaral kayo ng pang-aagaw ng baril, unahin n'yong pag-aralan ang pagpigil sa pagputok ng baril na aagawin.**


---

**MAWAWALAN TAYO NG MARAMI**

"Nuweba York, Hunyo 18 (AP) — Ang lupong tagapagpaganap ng samahan sa Amerika sa paglalabas ng mga pelikulang yari rito (MPEA) ay magsisimula ngayong Martes ng minsan pang pag-aaral o pagsusuri sa napagkasunduan nila noong Mayo na pagputol ng pagpapadala sa Pilipinas ng mga pelikulang amerikano."


**Kapag natuluyang nawalan ng pelikulang amerikano sa Pilipinas, hindi lamang ang mga kawani at tauhan ng may anim na raang sinehan dito ang mangawawalan ng trabaho, marami pa. Mawawalan na rin tayo ng gaya ng mga James Dean at Marlon Brando ng Pilipinas (sayang, mga sikat pa naman yata ang mga ito dito sa atin) etsetera, etsetera... Mawawalan din tayo ng mga may malalaking kinalaman sa paggawa ng pelikula na pawang nagsisipag-aral sa Ideal, Avenue, Universal, etc., etc., sa halagang mula ₱1.20 hanggang mahigit sa ₱2.00 sa "bawa't klase". Isa pa pala, mawawalan na rin ang mga gang-gang o mga rebeldeng pag-asa ng bayan (mabuti-buti yata ito). —GRF**


ANONG LAKING GINHAWA!



Si Tandang Jim Cole ay kawawang nilikha,
Ano mang bagay labis-labis ang gawa,
At kung makahitit, kay dami 'lang sawa,
Hanggang sa umasim ang kanyang sikmura.

Ngunit ngayon si Jim Cole ay laging masaya
Sa sakit ng tiyan siya'y malaya na.
Tandaan—ano mang ligalig sa tiyang aba,
Tabletang Phillips, lumunok, isa o dalawa.





Magtamasa... kumain, uminom, manigarilyo, at maging maingat. Sa unang tanda ng kaligaligan sa sikmura, bayaan bugawin ng dagling nagkakabisang TABLETANG PHILLIPS' MILK OF MAGNESIA yaong mga bagabag sa loob ng tiyan. Ang banayad at kanaisnais na TABLETANG PHILLIPS ay isinasaayos ang masamang sikmura, pangangasim at kabag. Inyong hahanap-hanapin, minsan masubukan.

FORMULA—EACH TABLET CONTAINS MAGNESIUM HYDROXIDE 309 GM.



PHILLIPS' TABLETANG MILK of MAGNESIA

25-4




Ang larawang ito ay kuha bago magtungo ang magkaibigang sina LILY MANALANG at ELSA BOUFFARD sa Experimental Farm ng San Fernando, Pampanga. Minabuti na nila ang sumakay sa traktora upang makarating agad sa pinananabikang pook.

# ILANG SANDALI SA TUBUHAN





Ang dalawang dalaga ay napagigitna ng lumalaking mga tubo. Masayang-masaya sila kapwa.



Kararating lamang ng dalawa sa tubuhan... hawak-hawak nila ang kani-kanilang mga sambalilong pananggalang sa init ng araw samantalang naglalakad sa baku-bakong landas. Larawan sa dakong kaliwa: Para kay Elsa, ang pagkakaroon niya ng pagkakataong makasakay sa kalabaw ay isang karanasang hindi malilimot kailanman. Sa dakong likuran ay matatanaw ang bundok ng Arayat.

## ibat ibang kulay sa puting tabing

ni eddie rañola

Ang "premiere showing" ng Bicol Express, pang-ika-11 anibersaryong handog ng Premiere Productions, ay itatanghal sa Life Theatre sa Huwebes ng gabi, ika-27 ng buwang kasalukuyan. Ipinahayag ng Premiere na walang ipagbibiling tiket sa gabing iyan at ang magsisipanood ay sa pamamagitan lamang ng mga paanyaya.

Nangunguna sa talaan ng mga pinaanyayahan ng Premiere para sa natatanging pagtatanghal ng **Bicol Express** ang Pangulong Carlos P. Garcia. Ang iba pang inimbitahan ay ang mga prodyuser, direktor, bituin, "starlet", tekniko, mga lider-sibiko at mamamahayag.

Hindi katulad ng ibang "premiere showing", walang "stage show" sa paunang pagtatanghal ng **Bicol Express.**

Isa sa pinakamalaking produksiyon, ang **Bicol Express** ay nilalabasan ng lahat nang bituin ng Premiere at pinamahalaan ng pitong direktor ng samahan.

---

**Ngayon ay hindi na masasabing isa lamang "dalaginding" si Nenita Vidal, gaya ng taguri sa kanya ng marami. "Dalagang-dalaga" na siya ngayon sapagka't tumuntong na siya sa kanyang ika-17 taong gulang. Ipinagdiwang ni Nenita ang nagdaan niyang kaarawan sa** Manhattan **sa Mandaluyong, Rizal, at dinaluhan ng kanyang mga kasamahang bituin sa LVN.**

**Si Manding Claro ay may 'mahalagang handog" kay Nenita, tulad din ng ibang kaibigan ng may-kaarawan. Nguni't ayaw sabihin ni Nenita kung ano ang alaala sa kanya ni Manding. Wala raw dapat makaalam kundi siya lamang!**

---

Tila dumarating kay Charito Solis ang lalo pang magagandang kapalaran. Nang nagtungo siya sa Tokyo noong nakaraang Asian Film Festival ay nakatagpo niya roon sina Direktor John Houston at Mr. Sheidermann ng United Artists. Hiningan siya ng larawan ng dalawang amerikano upang umano'y maging "alaala ng kanilang pagkikilala". Sinabi ng dalawang taga-Hollywood na si Charito ay nagaangkin ng lahat nang katangian ng isang tunay na bituin, at nais nilang isama si Charito sa isang pelikulang gagawin nila sa Pilipinas kung itutulot ng pagkakataon.

---

**Si Carlos Padilla, Jr. ay kabilang na ngayon sa mga bituin ng LVN Pictures. At masasabing masuwerte naman si Sonny sa paglipat niya ng pinaglilingkurang samahan. Binigyan agad siya ng mahalagang gampanin na itinuturing niyang isang "malaking kapalaran".**

**Si Sonny ang gaganap ng pangunang papel, katambal ni Emma Alegre, sa** Basta Ikaw **na pinamamahalaan ni Manoling Conde.**

---

Isang batang lalaki ang babati sa madla, sa kauna-unahang pagkakataon, sa **H-Line Gang** ng Larry Santiago-Ricardo Balatbat Productions. Ito'y masasabing karaniwan nang balita, nguni't ang ikinaiiba sa karaniwan, ang batang tinutukoy namin ay si Ben Balatbat, anak ni Abugado Ricardo Balatbat, pangkalahatang tagapamahala ng Premiere Productions.

---

**Napanood namin ang** Kamay ni Kain **ng People's Pictures, at ang masasabi namin ay ito: ang pelikulang iyon ay isang ganap na tagumpay ng PP sa larangan ng pelikula, at hindi natin ikahihiyang iagapay sa lalo mang pinakamahuhusay na pelikulang yari sa ibang bansa.**

**Ang direksiyon ng nabanggit na pelikula ay masasabing superyor at kaipala'y nakahihigit pa sa ibang pelikulang gawa sa Hollywood. Kaya binabati namin si Direktor Gerardo de Leon, na siyang namahala sa "Kamay ni Kain", gayundin ang prodyuser, artista at iba pang tauhang nakatulong sa ikapagtatagumpay ng nabanggit na pelikula.**

---


Noong Lunes ay nakita namin si Delia Razon sa "loge" ng dulaang Life. Katabi niya sa upuan ang isang lalaking sa anyo at sa kilos ay tila bubulung-bulong. Nagkalabitan kaming magkasama. Sabihin pa... ang naging hinala namin ay gaya marahil ng naging hinala ng iba.

"Siguro'y 'boy friend' ni Delia..." ang pabulong pang sabi ng isa naming kasama.

Nang matapos ang palabas at magliwanag ang ilaw ay saka namin nalamang maling-mali pala ang aming akala.



*Masama ang tingin ni Bella Flores dahil sa "kalikutan" ni Eddie Garcia. Samantala'y tila nagpapa-"charming" naman si Susan Roces kay Bert Olivar! Tagpo sa "MGA LIGAW NA BULAKLAK" ng Sampaguita na pinamamahalaan ni Direktor Tony Cayado.*



Cecilia Lopez

BITUIN ng LVN